Pangalawa, kung sa araw-araw ay binabagabag sila ng papataas na presyo ng mga bilihin at kawalan ng katiyakan sa kabuhayan at makakain, nasaan ang kapayapaan doon? Sumusugal ang masang magsasaka sa tuwing taniman sa pamamagitan ng pag-utang ngunit nauwi sila sa pambabarat ng mga komersyante’t kapitalista. Ang mga mangingisda ay dayuhan sa sarili nilang karagatan. Ang mga commercial fishing vessels ang nagmomonopolyo ng mga isda habang ginigipit ng mga ahensya ng gobyerno ang maliliit na mangingisda sa pamamagitan ng zoning at pagpaparehistro. Banta rin sa kabuhayan ng mamamayan ang mga operasyong militar na inilulunsad ng AFP.

Lansakang paglabag sa International Humanitarian Law at ng Comprehensive Agreement on Respect of Human Rights and International Humanitarian Law ang ganitong klase ng operasyong militar. Bilyon-bilyong pondo ng mamamayan ang winawaldas ng AFP sa walang kakwenta-kwentang mga operasyong militar na nito. Anong kapayapaan ang inihahandog nito sa masang magsasaka at mangingisda? Wala, kundi pekeng kapayapaang pinapanatili ang kalunos-lunos na kalagayan ng masang anakpawis.

Ang tanging mapayapa at maaliwalas na landas ng masang magsasaka at mangingisda ay ang landas ng bagong demokratikong rebolusyon. Ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang tanging mag-aangat sa

kabuhayan at antas ng pamumuhay ng masang anak-pawis. Pilit itong pinipigilan ng naghaharing uri sa marahas at teroristang pamamaraan.

Sa kabila ng taon-taong deklarasyon ng pamahalaan ng pagkadurog sa CPP-NPA, taon-taon din namang pinapatunayan ng rebolusyonaryong kilusan na hindi ito magagapi kailanman. Ang balon ng lakas at dugo na nagtitiyak sa pagpapatuloy ng rebolusyon ay nagmumula sa mithiin ng mamamayan para sa mas makatarungan at mapayapang lipunan.#

[Iloco Translation]

Saan a talinaay nu di ket riribuk ti ituntunda ti nakaro a panagbomba ken operasyon militar ti AFP

Abril 6, 2024

**Julian Sadiri, Spokesperson
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Ilocos**

Ti awan-sarday a focused military operations ti Armed Forces of the Philippines ti nagitunda ti nagmalem a rinnupak iti baet ti New People's Army ken 50th Infantry Battalion Philippine Army idi Abril 2, 2024 iti nagbeddeng ti Sta. Maria, Ilocos Sur ken Pilar, Abra.

Iti ulat dagiti residente ken kadagiti post da iti social media, nalawag a makita kadagiti bidyo nu kasano kaasideg iti kabalbalayan ti panagbomba ken istraping ti Philippine Air Force, ken ti nakaro a buteng nga intunda daytoy kadagiti sibilyan.

Napagbakwit ti 122 pamilya wenno 650 nga indibidwal manipud iti Barangay Babalasioan, Sta. Maria ken Barangay Nagcanasan, Pilar nu sadinno a dua nga agpaspasuso nga ina ken dagiti maladaga da ti inkapilitan a napasurot iti panagbakwit.

Ti erya a nakaisayangkatan ti panagbomba, istraping ken operasyon kombat ti AFP ket nalawa a katabakuan, kamaisan ken kapagayan. Isu nga nakaro ti epekto daytoy iti pagbiagan dagiti mannalon nga inkapilitan a nangibati ken saan pay a makasubli kadagiti taltalon da. Nayon a parikut daytoy kadagiti mannalon, nangruna ta ti Abra ken Ilocos Sur ket nakaro met a maap-apektaran ita iti El Niño.

Palalo a nasabrak ti AFP iti panangisayangkat kadagiti operasyon a panagbomba. Kampay idi ket pagtaltalinaeden daytoy ti talinaay ken kinatalged kadagiti probinsiya ti Ilocos ken Cordillera babaen kano iti “panangwayawaya kadagitoy manipud iti insurhensya.”

Umuna, ania a kinatalged ti marikna ti umili iti buteng, peggad ken trauma nga ipapaay ti panagbomba ken nakaro a putok iti aglawlaw da, a gidgiddanan pay ti saywar ken tuloy-tuloy a harassment kadakuada? Sakbay pay ti panagbomba idi Abril 2 ket awan-sarday ti militarisasyon kadagiti komunidad, nu sadinno a mapabpabasol a supporter ti armado a tignay dagiti umaw-awag kadagiti lehitimo a kiddaw ti umili. Mangipapaay met ti inaldaw a riribuk ken amak ti kanayon nga isasarungkar dagiti soldado ken pulis kadagiti dadaulo ken kamkameng dagiti

timpuyog ti masa. Uray nakalawlawag nga isuda ket sibubukel a panawen nga agtaltalon wenno agkalkalap iti komunidad, isuda kano ket “gerilya iti kabanbantayan” ken aduanan isuda a “mapaspasuko.” Maysa a dakkel a sirkus ti paduyakyak ti reaksyunaryo a gobyerno ken ti AFP a dagitoy nga inosente a sibilyan ket “surrenderees.” Manon a daras a nabisto a peke dagiti litrato ti “oathtaking dagiti surrenderees” ng ipopost da. Agbalbalin laeng nga bubon ti korapsyon dagiti cash incentives ken livelihood programs kadagiti rebel returnees, gapu ta malaksid a saan met a sibubukel a mait-ited ket pagkukuwartaan laeng daytoy dagiti pulis, army ken intelligence, nga agpipinnaado ti “mapasuko.” Maysa a surrenderee, maysa a tupak ti rinibo a kuarta.

Maikadwa, nu iti inaldaw ket maparparikutan da iti ngumatngato a presyo dagiti magatgatang ken kinaawan kasiguraduan iti pastrek ken makan, ayan na ti kinatalged ditoy? Sumugsugal ti masa a mannalon iti tunggal panagmumula babaen ti panagutang, ngem agtentennag da iti panagbarat dagiti komersyante ken kapitalista. Dagiti met mangngalap ket gangannaet iti bukod da a kabaybayan. Bukbukodan dagiti commercial fishing vessel ti ikan bayat a liplipiten dagiti ahensya ti gobyerno ti babassit a mangngalap babaen ti zoning ken panagparehistro. Isu a nayon a pangta iti pagbiagan ti umili dagiti operasyon militar nga isaysayangkat ti AFP.

Napeklan a panagsalungaling iti International Humanitarian Law ken iti Comprehensive

Agreement on Respect of Human Rights and International Humanitarian Law dagitoy a klase ti operasyon militar a kas ti panagitennag ti bomba iti dappat dagiti komunidad. Binilyon a piso a pondo ti umili ti gasgastaren ti AFP kadagitoy nga awan mamaay nga operasyon militar. Ania a kinatalged ken talinaay ti ipapaay daytoy kadagiti masa a mannalon ken mangngalap? Awan, nu di ket sinsinan a kinatalged ken talinaay a patpatalinaeden ti nakaay-ay-ay a kasasaad da.

Ti laeng dana nga agturong iti pudno a talinaay ken naraniag a masakbayan ti masa a mannalon ken mangngalap ket ti dana ti baro a demokratiko a rebolusyon. Ti pudno a reporma iti daga ken ti nailian nga industriyalisasyon ti kaikaisuna a mangitag-ay iti pagbiagan ken tukad ti panagbiag ti masa nga anakling-et. Pilit daytoy a laplapdan ti agar-ari a dasig iti naranggas ken terorista a pamuspusan.

Iti laksid ti tinawen a deklarasyon ti reaksyunaryo a gobyerno iti pannakarebbek ti CPP-NPA, tinawen met a panpaneknekan ti rebolusyonaryo a tignay nga iti kaanom ket saan daytoy a maatiw. Ti bubon ti pigsa ken dara a mangisigsigurado iti panagtultuloy ti rebolusyon ket agtaud iti tarigagay ti umili para iti nainkalinteg ken natalinaay a gimong.

Pambobomba ng AFP Sa Pilar, Abra at Sta. Maria, Ilocos Sur: Higit kailanman ay gawaing terorista

Abril 6, 2024

Rosa Guidon, Spokesperson NDF-Ilocos

Mariing kinukundena ng National Democratic Front (NDF)-Ilocos ang isinagawang aerial bombing at teroristang pag-atake ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga komunidad sa hangganan ng Pilar, Abra at Sta. Maria, Ilocos Sur noong Abril 2.

Ayon sa mga residente, naganap ang serye ng limang engkuentro sa pagitan ng 50th Infantry Battalion Philippine Army at ng mga pwersa ng NPA na tumagal mula 11:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Nagsimula ito sa sitio Paring, barangay Babalasioan, Sta. Maria Ilocos Sur at nagpatuloy hanggang sa barangay Nagcanasan, Pilar, Abra. Tumagal ang sagupaan mula 11:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon kung saan nagsagawa ng aerial bombings ang Philippine Air Force.

Sa ulat at posts sa social media ng mga residente, sobra-sobra ang mga inihulog na bomba at airstrike ng militar, na napakalapit sa mga komunidad. Sobrang dami din ang mga pwersang ibinuho at dumagsa sa naturang erya para sa operasyong kombat nito.

Ang nasabing pambobomba ay nagdulot ng matinding troma sa mga residente, lalo na ang mga bata at matatanda. Maliban sa mismong ulat ng mga residente at upisyal ng barangay ng Babalasioan, kitang-kita din sa mga nakuhang bidyo ang matinding sindak na idinulot ng mga aerial bombing sa mga residente.

Napilitang lumikas ang nasa 212 pamilya na kinabibilangan ng 650 indibidwal mula sa Barangay Babalasioan, Sta. Maria at Barangay Nagcanasan, Pilar, kabilang ang dalawang nagpapasusong ina at kanilang mga sanggol. Kinansela din ang mga klase sa mga paaralan.

Maliban dito ay nagpahayag sila ng matinding pagkasiphayo sa salanta sa kanilang mga tanim na palay, mais at tabako na idinulot ng operasyong militar, na dumagdag sa salanta sa kanilang kabuhayan dulot ng El Niño. Dahil sa mga operasyon ay di pa nila nababalikan ang kanilang mga pananim, lalo na ang mga dahong tabako na kinakailangan nang anihin.

Kinumpirma mismo ng Commanding Officer ng 102nd Infantry Battalion, na si Lt. Col. Felipe Jaramilla na gumamit sila ng Super Tucano, isang klase ng eroplanong pang-atake sa kanilang airstrike sa nasabing labanan.

Tahasang terorismo ang maghulog ng bomba sa mga bisinidad ng komunidad na nagsasapanganib sa buhay ng masa na hindi naman sangkot sa digmaan. Tahasang paglabag ito sa International Humanitarian Law at Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law, na mahigpit na nagbabawal sa mga ganitong tipo ng pag-atake, kung saan nadadamay ang mga inosenteng sibilyan.

Ayon sa mga residente ng Babalasioan ay wala pang naisagawang debriefing sa mga natromang mga bata at mga biktima ng pambobomba,

gayundin ay limitado pa ang naihatid na ayuda sa kanila mula sa lokal na gubyrerno.

Kaugnay nito, nananawagan ang NDF-Ilocos ng kagyat na ayuda, medical at psychosocial na suporta sa mga biktima ng nasabing aerial bombings at operasyong militar. Nananawagan kami sa mga grupo at organisasyong nagtataguyod ng karapatang-tao na imbestigahan ang nasabing insidente upang idemanda at panagutin ang sangkot na yunit ng AFP na naglunsad ng aerial bombings at iba pang porma ng paglabag sa karapatang-tao. May pananagutan din ang Commission on Human Rights at lokal na gubyrerno na tulungan ang mga mamamayan ng komunidad at suportahan sila sa panawagan para sa hustisya at kagyat na ayuda.

Salaula ang NOLCOM na habang nagyayabang na durog na ang mga larangang gerilya ng hukbong bayan sa Cordillera at Ilocos ay naglulunsad pa ng mga mararahas na operasyong militar na tahasang lumalabag sa karapatang-tao. Bago pa ang sagupaan noong Abril 2, tuloy-tuloy ang focused military operations ng 50th IB at 102nd IB sa Abra at Ilocos at ipinaiilalim ng mga ito sa matinding militarisasyon ang mga komunidad, kung saan hinaharas, ginigipit at ni-reredtag ang mga sibilyang hinihinalang tagasuporta ng rebolusyonaryong armadong kilusan.

Bumubula ang bibig ng 501st IBde sa pagsisinungaling sa publiko na ang engkwentro ay naganap dahil sa “sumbong ng taumbayan sa presensya ng NPA na naghahasik ng teror sa komunidad.” Sa mga ganitong klase ng matinding

operasyon na sinasabayan ng maitim na propaganda, pagpapakalat ng maling impormasyon at saywar ng militar ay lalo lamang nitong ginagatungan ang galit ng masa. Higit silang nag-aasam na malaman ang katotohanan sa likod ng terorismong militar.

Habang kinakalap pa ang lahat ng impormasyon at inaalam ang kabuuan ng pangyayari, nakatitiyak ang NDF-Ilocos na hindi masasagkaan ng aerial bombing at ano pa mang superyor na kagamitang militar ng AFP ang diwa at dedikasyon ng mga Pulang mandirigma sa Ilocos-Cordillera. Tiyak kaming lalo pa itong magtutulak sa hukbong bayan na magpalakas at ipagtanggol ang masang inaapi at pinagsasamantalahan.#

[Iloco Translation]

Panagbomba ti AFP idiyar Pilar, Abra ken Sta. Maria, Ilocos Sur: Napeklan nga terorista nga aramid

Abril 6, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Nainget a kunkundenaren ti National Democratic Front (NDF)-Ilocos ti inyaramid nga aerial bombing ken terorista a panag-atake dagiti yunit ti Armed Forces of the Philippines (AFP) kadagiti komunidad iti nagbeddeng ti Pilar, Abra ken Sta. Maria, Ilocos Sur idi Abril 2.

Segun kadagiti residente, napasamak ti serye ti lima nga engkuentro iti baet ti 50th Infantry

Battalion Philippine Army ken dagiti puersa ti NPA. Nangrugi ti labanan iti paset ti sitio Paring, barangay Babalasioan, Sta. Maria Ilocos Sur ken nagtultuloy agingga iti paset ti barangay Nagcanasan, Pilar, Abra. Nagpaut ti rinnupak manipud alas onse ti agsapa agingga alas singko ti malen, nu sadino a nagitennag ti bomba manipud iti ere ti Philippine Air Force.

Gapu ditoy ket nagbakwit ti 212 pamilya a pakaibilangan ti 650 indibidwal manipud iti Barangay Babalasioan, Sta. Maria ken Barangay Nagcanasan, Pilar, karaman ti dua nga agpaspasuso nga ina ken dagiti maladaga da. Nakansela met dagiti klase kadagiti pagadalan.

Iti ulat ken posts iti social media dagiti residente, sobra-sobra dagiti intennag a bomba ken istraping dagiti militar iti ere, a nakaas-asideg kadagiti komunidad. Nakaad-adu met a puersa da ti naideploy iti nasao nga erya para iti daytoy nga operasyon a kombat.

Ti napasamak a panagbomba ket nagitunda ti nakaro a trauma kadagiti residente, nangruna dagiti ubbing ken natataengan. Malaksid iti mismo a report dagiti residente ken upisyal ti barangay ti Babalasioan, nalatak met a mabuya kadagiti naala a video ti nakaro a buteng dagiti residente nga intunda ti panagbomba ken istraping iti ere.

Malaksid ditoy ket nagiyebkas da ti napalalo a pannakapaay iti perdi kadagiti mula da a pagay, mais ken tabako nga intunda ti operasyon militar, a nangnayon iti perdi iti pagbiaganda gapu ti El Niño. Gapu kadagiti operasyon ket saanda pay a

nasublian dagiti mula da, nangruna dagiti bulong ti tabako a kasapulanen a magatud.

Kinumpirma mismo ti Commanding Officer ti 102nd Infantry Battalion, a ni Lt. Col. Felipe Jaramilla a nagaramat da ti Super Tucano, maysa a klase ti eroplano a pang-atake kadagiti airstrike da iti nasao a gubat idi Abril 2.

Agdadata a terorismo ti agitennag ti bomba kadagiti bisinidad ti komunidad a mangipegpeggad iti biag ti masa a saan met a karaman iti gubat. Agdadata a panaglabsing daytoy iti International Humanitarian Law ken Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law. Dagitoy a linteg ket nainget a mangiparparit kadagitoy a tipo ti panagatake, nu sadinno a mairamraman dagiti inosente a sibilyan.

Segun kadagiti residente ti Babalasioan ket awan pay ti naiyaramid a debriefing kadagiti natroma nga ubbing ken biktima ti panagbomba, kasta met a limitado pay ti naitulod nga ayuda kadakuada manipud iti lokal a gubyerno.

Kanaig daytoy ket umaw-awag ti NDF-Ilocos ti kadagusan nga ayuda, medical ken psychosocial a suporta kadagiti biktima ti nasao nga panagbomba iti ere ken operasyon militar. Umaw-awag kami kadagiti grupo ken organisasyon nga agitantandudo ti karbengan-tao nga imbestigaran ti nasao nga insidente tapno idarum ken pagsungbaten ti maseknan a yunit ti AFP a nagisayangkat ti panagbomba iti ere ken dadduma pay a panaglabsing iti karbengan-tao. Adda met

rebbengen ti Commission on Human Rights ken lokal a gubverno nga arayaten dagiti umili ti komunidad ken suportaran isuda iti awag para iti hustisya.

Agmauyong ti Northern Luzon Command ti AFP, a bayat nga agpangpangas a narebbeken dagiti larangan gerilya ti rebolusyonaryo nga armada iti Cordillera ken Ilocos ket agisaysayangkat latta kadagiti narurungsot nga operasyon militar a napeklan nga aglablabsing iti karbengan-tao. Sakbay pay ti rinnupak idi Abril 2, awan-sarday ti focused military operations ti 50th IB ken 102nd IB iti Abra ken Ilocos a mangipaspasidong iti nainget a militarisasyon kadagiti komunidad, nu sadinno nga iharharas, liplipiten ken ireredtag da dagiti sibilyan nga at-atapen da a sumupsuporta iti rebolusyonaryo nga armado a tignay.

Aglablabutab ti ngiwat ti 501st Infantry Brigade iti panagul-ulbod na iti publiko nga ti engkwentro ket napasamak gapu iti “pulong ti umili iti presensya ti NPA nga agimulmula ti teror iti komunidad.” Kadagitoy a naranggas nga operasyon a gidgiddanan da ti nangisit a a propaganda, panangisaknap ti kamali nga impormasyon ken saywar ti militar ket ad-adda laeng nga rubrubroban da ti pungtot ti masa. Ad-adda da laeng nga agtartarigagay da a maamuan ti kinapudno iti likod ti terorismo a militar.

Kabayatan a makalkalap pay ti amin nga impormasyon ken am-amuen ti kabuklan ti pasamak, makasigurado ti NDF-Ilocos a saan a malapdan ti panagbomba iti ere ken ania pay a superyor a nga armas ti AFP ti pakinakem ken

dedikasyon dagiti Nalabbaga a mannakigubat ti Ilocos-Cordillera. Sigurado kami nga ad-adda pay daytoy a mangiduron iti soldados ti umili nga agpapi gsa ken depensaan ti masa nga mairurumen ken magungundawayan. #

Marcos Jr. sells out PH sovereignty for US war preparations vs China

Abril 10, 2024

International Office National Democratic Front of the Philippines

Marcos Jr.'s trip to the United States for a trilateral summit with US President Joe Biden and Japanese Prime Minister Fumio Kishida is an utter and complete sell-out of Philippine sovereignty to US war designs in Asia. The so-called "trilateral summit" is set to discuss "maritime security cooperation" between the three countries.

Marcos Jr. is willingly offering the Philippine archipelago to serve as a 'theater of war' by allowing the US to position its military arsenal on land, sea, and air. The Philippines is a crucial piece in the "US Island Chain strategy" to contain China. The Philippines' strategic location allows the US to constrict regional waterways and position readily deployable military air power in close proximity to China. In order to achieve its objectives, the US is escalating war preparations in the region by encouraging Japan and other imperialist allies to join the geopolitical chess game.

In the said trilateral meeting, Marcos Jr. seeks to further increase US military footprint in Philippine soil while talks are underway with Japan for a reciprocal access agreement that will allow Japanese military presence in the country. In fact, preparations are already ongoing for the biggest Balikatan Exercises in history which is expected to draw at least 16,000 troops to participate. The Balikatan war games this year aims to test the so-called 'Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CDAC)' patterned after US imperialist war plans in the region. These actions form part of the US strategy to provoke China into "firing the first shot" demonstrating the US government's bloodthirst.

On the other hand, Marcos Jr.'s actions prove his outright subservience to US imperialist war preparations and his readiness to drag the Filipino people in the middle of a brewing inter-imperialist conflict. Marcos Jr. must be held accountable for his reprehensible sell-out of Philippine sovereignty and his blatant disregard for the lives of the Filipino masses. More importantly, the Biden administration must be denounced for its continued exportation of wars of aggression from Ukraine to Palestine and now using the Philippines as a pawn in its attempt to stifle China's growing influence.

Sa pagkakaisa lamang ng NPA at mga Masbatenyo mapapanagot ang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga krimen

Abril 12, 2024

Luz del Mar, Spokesperson NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)

Tiyak na magbabayad ang mga militar na sangkot sa pagpatay kay Jimmy Pautan, mahigit 50 anyos nitong Abril 11, 2024, 5:00am sa Sityo Tadloy, Barangay Luna, bayan ng Placer at kay Elorde “Nonoy” Almario sa Barangay San Carlos, bayan ng Milagros noong Abril 2, 2024. Matapos patayin, pinalabas si Pautan na isang NPA na napatay sa engkwentro.

Ang pagpatay kina Pautan at Almario ay pananagutan ni Marcos Jr sa kanyang utos na todo gera laban sa sambayanan. Sa Masbate, ang todo gera ni Marcos Jr ay isang gera kontra magsasaka upang tuluyang ilayo ang mga Masbatenyo sa kanilang rebolusyonaryong armadong kilusan. Pakay ng gerang ito na lunurin sa takot ang mga Masbatenyo at isuko ang kanilang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan, karapatan at buhay.

Sina Pautan at Almario ang ika-27 at ika-28 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa ilalim ng gera kontra magsasakang ito. Si Pautan ay pinatay ng mga elemento ng 2nd Infantry

Battalion-Phil. Army habang si Almario ay pinatay ng mga elemento ng CAFGU sa pangunguna ng isang Alvin Masamoc.

Nakikidalamhati at nakikiramay ang rebolusyonaryong kilusan sa mga naulilang pamilya ng mga biktima. Batid ng rebolusyonaryong kilusan ang pagnanais ng mga pamilya ng mga biktima na makamit ang katarungan.

Sa halip na matakot, hindi dapat mag-alangan ag mga kaanak, kababaryo at ang kalakhang Masbatenyo na ilantad ang pang-aabuso ng militar. Sa unang tingin, mistula'y wala nang laban ang mga Masbatenyo sa tumitinding terorismo at pagkahalimaw ng militar. Subalit dapat maunawaan ng mga Masbatenyo na ang walang awat na teror ng kaaway ay hindi tanda ng kalakasan ng kaaway kundi senyales ng kanilang kahinaan at kabulukan.

Sa katunayan, ang gera kontra magsasaka ni Marcos Jr. ay isang desperadong hakbang upang hadlangan ang tiyak na pagbangon ng mamamayan sa harap ng tumitinding krisis sa kabuhayan at pagkain, pang-aagaw ng lupa at terorismo sa ilalim ng kanyang rehimen. Lalong nagngangalit ang mamamayan sa pagdawit sa Pilipinas sa namumuong armadong sigalot ng US at China.

Hindi dapat malimutan ng mga Masbatenyo na mas marami sila kumpara sa kaaway. Hindi dapat malimutan ng mga Masbatenyo na taglay nila ang armas na mas malakas kaysa anumang modernong

terorismo at kagamitan ng kaaway, iyon ay ang kanilang pagkakaisa. Lalong lalakas ang pagkakaisang ito kung lalahok ang mga Masbatenyo sa digmang bayan bilang natatanging paraan para makamit ang katarungan.

Sa suporta ng mga Masbatenyo, hindi titigil ang Jose Rapsing Command-NPA Masbate sa pagpapalakas ng armadong paglaban upang pagbayarin nang mahal ang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga pasistang krimen.##

62nd IB Intel Asset sa La Castellana, Ginsilotan sang LPC-NPA

Abril 13, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Ginkalipay sang bug-os nga rebolusyonaryong pwersa sa Central Negros ang unanimous decision sang Rebolusyonaryong Korte sang Pumuluyo sa pagpatuman sang silot-kamatayon kay Danny Boy Bartolome paagi sa yunit sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) sadtong Abril 11, 2024 alas 7:00 sang gab-i sa Sityo Paho, Barangay Camandag, La Castellana, Negros Occidental matapos ang pag-istorya kag pagpatuman sang "destiero" ukon pagpalayas sa lugar kay Bartolome sadtong Disyembre 2023.

Humalin pa sa bulan sang Marso-Nobyembre 2023, indi na magnubo sa lima lang ka beses nga gin-istorya kag ginpaandaman sang NPA si

Bartolome upod sa iya pamilya angot sa iya ginahimo nga pagpaniktik sa hulag sang NPA kag bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan sa lugar. Sadtong Disyembre 2023, ginpatuman sang NPA ang desisyon nga pagplayas sa iya sa lugar. Nakumpiska ang duha ka Smartfone nga nagapamatuod sa iya mga kontra-rebolusyon nga mga lihok. Apang, pabilin nga ginahimutig ni Bartolome kag wala gid ini nagtuman sa paggwa sa lugar. Sa baylo, labi pa nga nagsupog sa iya kontra-rebolusyon nga gawi kabaylo sang mga pasalig nga kantidad sang kwarta gikan sa 62nd IB. Padayon nga nagapaniktik sa hulag sang NPA kag regular nga nagareport sa 62nd IB Charlie Company Headquarters nga nahamtang sa Barangay 6, Moises Padilla, Negros Occidental.

Ang LPC-NPA lubos gid nga nagapanawagan sa tanan nga may mga salabton nga kaso sa rebolusyonaryong kahublagan. Indi pagsundon ang kaangay nga mga lihok ni Danny Boy Bartolome kabaylo sang pagpanginto kag mga pasalig sang pasistang militar. Paninguha-an nga magsumiter sang inyo kaugalingon sa pinakamalapit nga yunit sang CPP-NPA sa inyo mga lugar kag seryoso nga atubangon ang inyo mga kaso.

Ang malaba nga kamot sang rebolusyonaryong hustisya, anuman oras kag bisan diin man ang magapamatbat kag magasukot sang nagakaigo nga silot katumbas sa kabug-aton sang kaso nga inyo nakomiter paagi sa matuod kag solo nga hangaway sang banwa nga New People's Army.###

Gera kontra magsasaka ang tugon ni Marcos Jr at ni Gov. Antonio Kho sa lumalalang epekto ng El Niño sa Masbate

Abril 15, 2024

Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Masbate

Sa halip na patubig at ayuda sa kabuhayan, pagpatay, pang-aagaw ng lupa at pagbuhos ng mga militar sa komunidad ang tugon ni Marcos Jr at Gov. Antonio Kho sa lumalalang pinsalang dulot ng El Niño sa Masbate. Sa buong Kabikulan, ang Masbate ang pinakahinagupit ng naturang kalamidad kung saan aabot na sa ₱191.1 milyon ang halaga ng pinsala ayon sa datos ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa kabila ng sumasahol na krisis sa kabuhayan, walang kaluluwang dinadahan-dahan ni Gov. Kho ang pag-agaw ng lupa mula sa mga Masbatenyong magsasaka sa basbas ni Marcos Jr. Sa katunayan, nararapat na hadlangan at batikusin ang plano ni Gov. Kho at ng AFP na magtayo ng kampong militar sa Barangay Cabungahan, bayan ng Cawayan. Magsisilbi ang naturang kampo upang tuluyang palayasin ang mga magsasaka sa lupaing Triple A.

Dugo ng magsasaka ang dumidilig sa tuyong lupa ng Masbate. Ngayong Abril, dalawang magsasaka ang pinatay ng mga elemento ng AFP-PNP-CAFGU

sa prubinsya. Noong Abril 2, pinatay si Elorde “Nonoy” Almario bilang bahagi ng pakana para kontrolin ng militar ang mga kaniyugan sa bayan ng Milagros. Para pagtakpan ang krimen, pinalabas na NPA ang pumatay kay Almario. Matapos nito’y pinalabas namang NPA na napatay sa engkwentro ang magsasakang si Jimmy Pautan na pinagbabaril ng mga elemento ng 2nd Infantry Battalion-Phil. Army sa Sityo Tadloy, Barangay Luna, bayan ng Placer.

Makatarungan para sa masang Masbatenyo na singilin si Marcos Jr sa lantarang kapabayaang at pagsasantabi sa pangangailangan ng mga magsasaka para sa interes ng dayuhang negosyo. Dapat din siyang panagutin at kanyang lokal na tutang si Gov. Kho sa pang-aagaw ng lupa at pagpatay sa mga magsasaka sa prubinsya.

Hinihikayat ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Masbate ang lahat ng mga lokal na balangay nito na pangunahan ang ilang makakayanang pagkilos sa kanilang mga komunidad tulad ng mga petisyon para sa ayuda at suportang pangkagipitan. Dapat din nilang kunin ang inisyatiba para magsagawa ng mga kampanya ng damayan at tulongan para sa pagtitiyak ng sapat na suplay ng tubig at pagkain tulad ng bigas sa mga komunidad. Mahusay na ikoordina nila ang kanilang mga plano kasama ang mga yunit ng Hukbo o lokal na Sangay ng Partido sa kanilang lugar.

Kailangang magkaisa ang masang Masbatenyo upang maigiit anng kanilang mga kagyat na panawagan sa pagpapababa sa presyo ng mga

bilihin, pagpapataas sa lokal na produksyon at presyo ng mga lokal na produktong agrikultural at pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang-bukid. Marapat din nilang igiit ang kinakailangang ayuda sa pagkain at tubig at suportang pangkagipitan laluna ngayong tagtuyot.

Higit sa lahat, dapat nilang labanan ang malawakang pang-aagaw ng lupa at pagpatay sa mga magsasaka na ilinulunsad ng rehimeng US-Marcos Jr sa pamamagitan ng paglahok sa digmang bayan.

Balikatan Exercises, bahagi ng gerang agresyon ng US sa Asia Pacific: Tutulan at labanan ang panghihimasok ng US at panunulsol ng gera!

Abril 18, 2024

Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog

Marapat na kundenahin, tutulan at labanan ng mamamayang Pilipino ang mga mapanulsol na aktibidad ng US kagaya ng Balikatan Exercises sa Asia Pacific dahil sa bantang inihahatid nito sa mga mamamayan sa rehiyon, lalung laluna sa sambayanang Pilipino. Kailangang palakasin ang pakikibaka para ipaglaban at igiit ang pambansang soberanya at kasarinlan ng Pilipinas sa harap ng garapalang pagpapakatuta ni Marcos Jr sa US.

Sa gitna ng pagdarahop ng bayan dahil sa El Niño, inuuna pa ng rehimeng US-Marcos II ang

paghahanda sa taunang Balikatan Exercises na ilulunsad sa Abril 22-Mayo 10. Lalahukan ito ng 16,700 pinagsanib na mga tropang US, Pilipinas at iba pang kaalyadong bansa. Ito na ang pinakamalaking delegasyon ng Balikatan sa kasaysayan. Isasagawa ito sa itinakda ng US na first island chain o kurdon ng mga isla sa Japan, South Korea, Taiwan, Pilipinas at Borneo na magiging lunsaran ng digma laban sa China. Sa loob ng bansa, tiyak na paglulunsaran ang West Philippine Sea (WPS) upang lalupang gatungan ang tensyon laban sa China.

Tusong sinasagpang ng US ang galit ng mamamayang Pilipino sa China at ginagamit itong tabing para sa paglulusot ng Balikatan at iba pang panghihimasok ng US. Tumampok nitong Marso ang pinakahuling agresibong aksyon ng China laban sa mga barko ng Pilipinas kung saan nasugatan ang dalawang coast guard sa panganganyon ng China ng tubig. Nasa proseso ng paghahatid ng suplay ang barko ng Pilipinas sa base militar sa Ayungin Shoal. Bukod pa rito ang panghahas ng China sa mga mangingisdang Pilipino sa WPS.

Sinasakyan ng US ang paghahari-harian ng China sa WPS upang tuluy-tuloy na manghimasok at tapakan ang pambansang soberanya ng Pilipinas. Bago pa ang Balikatan, sing-aga ng Enero nagsagawa na ng ehersisyong militar ang US at Pilipinas sa Cabra Island, Occidental Mindoro na ginulo ng China. Ngayon naman, inilulunsad ng US at Pilipinas ang ehersisyong Cope Thunder sa Pampanga. Batay sa mga ulat, aabot sa higit 500

aktibidad ang ilulunsad ng magkasanib na pwersang militar ng US at Pilipinas ngayong 2024.

Nagagawa ng US na makapanghimasok sa bansa sa pamamagitan ng tagibang na kasunduang militar na Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at mga katulad. Sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, nakapagdagdag ang mga ito ng apat na base militar bukod sa limang nauna nang nakaistasyon at iba pang mga lihim na base sa iba't ibang bahagi ng bansa. Pinakahuling kasunduang pinasok ng Pilipinas ay ang Bilateral Security Guidelines na malinaw na naglalatag ng pagpapakatuta ng bansa at ang pagpapakaladkad sa mga gera ng US sa ilalim ng ligal na balangkas.

Kabaliktaran ang ipinangangalandakan ng US na “pagtatanggol” at “paggigiit ng soberanya ng Pilipinas” dahil bahagi ang mga ehersisyong militar ng planong gerang sa China.

Kinakailangan itong gawin ito ng US upang pilit na isalba ang naghisingalo nitong ekonomya, panatilihin ang hegemonya sa daigdig at pigilan ang pag-unlad ng karibal nitong imperyalistang China. Walang pakialam ang US sa sasapitin ng mamamayang Pilipino sakaling tumungo sa armadong sigalot ang pakikipaggirian nito sa China.

Wala nang naniniwala sa paghahambog ng US na ito ang “dakilang tagapagligtas” ng daigdig dahil sa malaon nitong rekord na paghahasik ng gera. Kabaligtaran, ang US ang numero-unong terorista sa buong daigdig. Malaki ang pananagutan ng

imperyalismong US sa kabi-kabilang masaker gamit ang mga armas pandigma nito lalo sa Palestine kung saan pinakamaraming bata na ang pinaslang. Mariin itong kinukundena ng mamamayan ng daigdig, maging ng mamamayang Amerikano. Bukod pa, tinutuligsa ng naghihirap na mamamayang Amerikano ang gubyerno ng US sa paglulustay ng pondo ng bayan para sa mga gerang proxy at gerang agresyon nito.

Sa Pilipinas, nakabatay sa US counter-insurgency guide ang kontra-rebolusyonaryong gerang inilulunsad ng reaksyunaryong gubyerno upang supilin ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng bayan. Sinusuportahan ng US ang teroristang gera ng rehimeng Marcos II at AFP-PNP sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga armas at direktang paglahok sa mga operasyong pangkombat sa kanayunan at kabayanan. Sa utos ng US, pinaiiigting ang kontra-rebolusyonaryong digma sa layuning kagyat na wakasan ang rebolusyonaryong kilusan at ganap na makapagpokus ang AFP sa eksternal na mga banta. Manipestasyon ito ng pagluluto at paghahanda sa nalalapit na gera sa Asia Pacific.

Dapat ilunsad ang malawakang pakikibakang bayan at padagundungin ang malakas na pagtutol ng sambayanang Pilipino sa imperyalistang gera. Batid ng bayan na maiipit ang Pilipinas sa gitna ng tunggalian ng dalawang malaking imperyalistang kapangyarihan at magreresulta ito ng labis na paghihirap at pagdurusa. Matinding pinsala ang iluluwal ng gera sa buhay, kabuhayan at ari-arian ng bayan.

Singilin si Marcos Jr. bilang tuta ng imperyalismong US. Si Marcos Jr. ang mistulang Zelensky ng Ukraine na nanlilimos sa mga imperyalistang bansa ng armas sa ngalan ng pagtatanggol sa sariling kapit sa poder. Ngunit sa likod nito, ang mga armas na ginagamit ng AFP-PNP ay itinututok sa nakikibakang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Milyun-milyong piso ang winawaldas ng reaksyunaryong estado para lamang sa isinusulong nitong kontra-rebolusyonaryong gera, hindi pa para sa “pagtatanggol”. Isinasagawa ito sa gitna ng malawakang krisis at kahirapang dinaranas ng sambayanang Pilipino. Dapat ding panagutin ang US bilang numero unong terorista at tagasuplay ng armas-pandigma sa rehimeng Marcos II.

Dapat ilantad ang mga krimen ng mga tropang Amerikano sa paglabag sa karapatang tao ng mamamayan sa buong panahong nanghihimasok sila sa Pilipinas. Kailangang isadokumento at ipalaganap ang mga kaso ng pananakot, panghahas at intimidasyon, panggugulo sa komunidad, panggagahasa sa kababaihan at ligalig na dulot ng kanilang mga ehersisyong militar sa bayan.

Mariing kundenahin ang perwisyonang hatid nito sa paghahanap-buhay ng mga Pilipino laluna ng mga mangingisda na tiyak na maaapektuhan ng restriksyon sa paglaot sa panahong inilulunsad ang mga ehersisyong militar. Dapat ding ilantad ang mapaminsalang epekto ng mga pagsasanay sa kalikasan laluna sa natural habitat sa karagatan.

Bilang pagtataguyod sa kasarinlan at pagtatanggol sa mga mamamayan ng Asia Pacific, kailangang makipag-alyansa at makipagkapit-bisig ang Pilipinas sa mga aping mamamayang biktima ng imperyalistang agresyon. Lumahok sa mga internasyunal na alyansang anti-imperyalista at pangkapayapaan upang pangalagaan ang buhay at kaligtasan ng higit na nakararaming mamamayan.

Dapat ilantad ang imperyalismo bilang ugat ng kahirapan ng mga kolonya at malakolonya sa daigdig. Malawakang kundinahin ang pagwawasiwas ng imperyalismo ng mga gerang agresyon sa iba't ibang bahagi ng mundo bilang desperadong hakbangin sa naghihingalo nilang ekonomya.

Ubos-kayang ilunsad at ipagwagi ang demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong sa Pilipinas upang makalaya sa kuko ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itambol ang kawastuhan ng programa ng pambansa demokratikong rebolusyon at palahukin ang pinakamaraming bilang ng inaapi at pinagsasamantalang mamamayan.###

Kriminal na 203rd Brigade muling pumaslang ng sibilyan sa Bulalacao, Oriental Mindoro!

Abril 18, 2024

**Madaay Gasic, Spokesperson
NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)**

Pinagbabaril ng mga pasistang sundalo ang sibilyan na si Jay-el Banay Maligday, isang kabataang estudyante sa Grace Mission College at residente ng Sityo Soryawon, Brgy. San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro. Naganap ang ekstra-hudisyal na pamamaslang noong April 7, bandang alas-singko ng umaga nang nilusob ang biktima sa kanyang pamamahay ng isang platun ng mga sundalo sa ilalim ng 4th IB. Muling pinatunayan ng insidenteng ito ang sukdulang pagiging berdugo at pasista ng mga yunit ng sundalong hawak ng 203rd Brigade, ang pinakautak ng mga mamamatay taong pumapaslang ng mga inosenteng sibilyan sa Mindoro.

Kasinungalingan ang ipinangangalandakan ng mga pasista na Pulang mandirigma ng NPA at may baril na hawak si Jay-el dahil para barilin nila ito. Pawang panabing sa krimen ng mga berdugong sundalo ang ipinamamalita nitong armado ang biktima. Pinatutunayan ng mga residente sa lugar na sibilyan si Jay-el, hindi armado at isang mabuting mamamayan.

Ang pagpaslang kay Jay-el ay dagdag na namang kaso sa mahabang listahan ng mga sibilyang arbitraryong pinaslang ng mga berdugong AFP at PNP sa isla ng Mindoro. Maihahalintulad ang kasong ito sa pagpaslang ng 4th IB kay Salvador Dela Cruz sa So. Kawit, Brgy. Poblacion, Magsaysay, Occidental Mindoro noong 2021 matapos na kumuha ito ng kanyang payout sa 4Ps. Gayundin, ang pagpaslang kay Dante Yumanaw, purok lider ng Sityo Tiabong, Brgy. Ligaya, Sablayan, Occidental Mindoro noong July 2022

kung saan nakasalubong ito ng nag-ooperasyong mga sundalo ng 76th IB habang bitbit niya ang pinamiling bigas at iba pang pagkain para sa kanyang pamilya. Isinailalim din sa karumaldumal na interogasyon at tortyur hanggang sa mapaslang si Prentice “Tatay Prentes” Gutierrez, 78 taong-gulang, sa Sityo Cambiswer, Brgy. Poblacion, Calintaan noong 2019. Pinalabas ng berdugong militar na isang Pulang mandirigma ng NPA si Tatay Prentes. Napilitan lamang na aminin ng tagapagsalita ng 203rd Bde noon na si Bgen. Marcelino Teofilo na totoong sibilyan ang kanilang napaslang matapos ulanin ng batikos sa social media ang kanilang pahayag hinggil sa insidente. Ito rin ang sinapit ng lider ng mga tricycle driver na si Omeng Kahelo ng Sta. Cruz, Occidental Mindoro sa pangil ng mga asong 76th IB.

Malinaw na mamamatay-tao, berdugo at pasista ang 203rd Brigade at ang mga yunit sa ilalim nitong 4th IB, 76 IB, 68th IB at ang 23rd DRC na bahagi lamang ng buong institusyon ng AFP at PNP. Lantarang nilalabag ng mga ito ang batayang karapatan na inilatag ng pandaigdigang batas sa karapatang pantao ng UN at mismong saligang batas ng reaksyunaryong gubyrerno. Lansakang niyuyurakan ang demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino ng mga kasundaluhan at pulis at saka magmamaliniis o kaya ay gagawa ng mga palusot sa kanilang krimen.

Subalit hindi malilinalang ang mamamayan. Ang buong AFP-PNP ay ang pasistang haligi ng naghaharing uri at tagapagtanggol ng

mapandambong na interes ng malalaking panginoong maylupa, burgesyia kumprador at mga burukrata-kapitalista sa gobyerno. Ito rin ang masugid na attack dogs ng amo nitong imperyalistang US na takot sa demokratiko at makabayang paninindigan ng sambayanang Pilipino na may marubdob na hangaring maging tunay malaya at maunlad ang bansang Pilipinas.

Kinukundena ng Lucio de Guzman Command - NPA Mindoro ang kriminal na aktong ito ng mga pasistang sundalo na walang pakundangang pamamaslang sa mga sibilyan. Sa ganitong diwa, inaatasan ng LDGC - NPA Mindoro ang lahat ng mga yunit sa ilalim nito na ilunsad ang mga aksyong militar at taktikal na mga opensiba upang parusahan ang mga yunit sa ilalim ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA at ang kanilang mga ahente dahil sa pagiging mga berdugo at pinakasagad-saring kalaban ng mga Mindoreño.

Nananawagan din ang LDGC-NPA-Mindoro sa mga Mindoreño na ilantad, labanan at biguin ang panlulupig na ginagawa ng 20rd Bde sa mamamayan. Pataasin ang kamulatan sa kalagayan ng ating lipunan, maging mapanuri upang hindi madala sa mga say-ops, kasinungalinan at panlilinlang ng 203rd Bde. Kumilos tayo at organisahin ang ating hanay upang mapataas ang ating kakayahan sa koordinado at kolektibong mga hakbang para sa ating pambansa at demokratikong interes. Gamitin natin ang lahat ng paraan para sa depensa ng ating hanay. Pinakamahusay kung ang mamamayan ay mag-armas at lumahok sa

digmang bayan na isinusulong ng NPA.
Makatarungan ang mag-armas, ang mag-
rebolusyon sa gitna ng pandarahas, panlulupig at
pang-aapi ng mga lokal at naghaharing uri at ng
dayuhang amo nila.

Rebolusyonaryong hustisya para kay Jay-el at iba
pang biktima ng EJK ng 203rd Brigade! Lumahok
sa digmang bayan! Isulong ang armadong
paglaban hanggang sa ganap na tagumpay!
Parusahan ang mga pasistang AFP-PNP! Bigwasan
ang 203rd Brigade sa Mindoro! Mabuhay ang
CPP-NPA-NDPF! Mabuhay ang sambayanang
lumalaban!

**Mamamayan, magkaisa, kumilos at
ipaglaban ang kalayaan at
pambansang soberanya!**

Abril 18, 2024

CPP Southern Tagalog Regional Committee

Sukdulang pangyuyurak sa kalayaan at soberanya
ng sambayanang Pilipino ang lantarang
panghihimasok militar ng imperyalistang US.
Kaakibat nito ang tahasang pagtatraydor at
pagsusubasta ng rehimeng Marcos II sa interes,
kapakanan at kaligtasan ng bayan. Mahigpit ang
pangangailangan para magkaisa, kumilos at
ipaglaban ang kalayaan, soberanya at integridad
ng teritoryo ng bansa.

Napipintong maulit sa kasaysayan ng bansa ang
maipit at magdusa sa gitna ng gera ng mga
imperyalistang bansa na nagtutunggalian para sa

pang-ekonomya at hegemonyang panrehiyon. Ang kasalukuyang aksyon at kontra-aksyon ng US at China, ay malinaw na nag-eengganyo ng aktwal na armadong komprontasyon sa pagitan nila. Ang pagdagsa ng mga tropang Amerikano at paghahakot ng mga kagamitang pandigma sa Pilipinas ay nagdudumilat na katotohanang magiging entablado ng digmaan ang teritoryo ng bansa at magiging pambala sa kanyon ang mga Pilipino sa di maiiwasang pagkadawit sa pagsiklab ng inter-imperyalistang gera.

Makikita ito sa kaliwa't kanang maniobra at pagkukumahog ng US na ihanda ang teatro ng digma sa Indo-Pacific na papabor sa kapasidad nito sa gera. Di mapapasubaliang nakatuon dito ang ilulunsad na 2024 Balikatan war exercises sa darating na Abril 22 - Mayo 9. Lalahukan ito ng 11,000 tropang Amerikano at 6,000 tropang Pilipino — maituturing na pinakamalaki sa lahat ng military exercises sa kasaysayan.

Katatampukan ito ng pagpwesto ng malalaking barkong pandigma, mga eroplano at kagamitang pandigma ng US, sa dulong hilagang bahagi ng bansa, partikular sa Batanes.

Ang 39th Balikatan ay mapang-upat dahil kaiba sa mga tradisyunal na pagsasanay militar, gagawin itong malayo sa mga kampo-militar at magpopokus sa pagdedepensa sa mga baybayin. Gagawin din itong lagpas sa mga karagatang saklaw ng Pilipinas at magkakaroon ng “grupong paglalayag” ng pwersang nabal ng US, France, Pilipinas at coast guard ng US at Pilipinas. Mula sa Batanes ay aabot ito sa 12 nautical miles o

22.22 km kanlurang karagatan tapat ng baybayin ng Palawan na maikokonsindera ng international waters. Dumating na rin sa Batanes ang mga opisyal ng US Army 84th Engineering Battalion bilang paunang pwersa para sa konstruksyon ng logistic warehouse bilang paghahanda sa nasabing Balikatan.

Tampok sa mga Balikatan exercises mula sa nakaraang mga taon ang labis na malalaking presensyang militar ng US—pangitang hindi lamang simpleng pagsasanay /pagtuturo sa tropang Pilipino kundi pamilyarisasyon ng malaking bilang ng tropang US sa kalupaan at karagatan ng Pilipinas.

Bago nito, serye ng mga military drills ang ginanap sa loob lamang nitong buwan. Abril 7 nang ilunsad ang pinakaunang Maritime Cooperative Activity sa bansa. Ayon kay Phillipine Navy spokesperson Commodore Roy Vincent Trinidad ang nasabing joint naval activities ng Pilipinas, Japan, Australia at United States ay bahagi ng Active Archipelagic Defense Strategy (AADS) sa ilalim ng Comprehensive Archipelagic Defence Concept (CADC). Sinabi rin ni US National Security Adviser Jake Sullivan na marami pang joint patrols ang aasahan sa SCS matapos ang nasabing military drills. Kasabay din nito ang ginanap na anti-submarine drills sa karagatan ng Palawan na nilahukan ng tropa ng US, Japan at Pilipinas. Nitong Abril 8 sinimulan din ang war games sa pagitan ng Philippine Air Force at US na magtatapos sa Abril 18 na Cope Thunder 2024 na ginaganap sa Basa Air Base,

Florida Pampanga. Kalahok ang 700 airmen na gagamit ng FA-50PH fighter jets at US Air Force's F-16, isang supersonic multi-role fighter at military transport aircraft na C-130J.

Kitang-kita rin ang pag-aakomoda ni Marcos Jr. sa US sa naging sunod-sunod na pagbisita sa Pilipinas ng mga opisyal ng gubyrno at militar ng US sa tabing ng iba't ibang tipo umano ng mahigpit na kooperasyon ng dalawang bansa. Dumalo rin ang ilehitimong pangulo sa trilateral summit ng Pilipinas, Japan at US nitong Abril 11. Ayon sa DFA, ang makasaysayang trilateral na pagpupulong ay nagnanais pahigpitan ang kooperasyon sa ekonomya, maritime security at climate change sa pagitan ng tatlong magkakaalyadong bansa. Subalit, paglilimos lamang ito ng suporta ng US dahil dati nang nabanggit ni National Security Adviser Eduardo Ano na tatalakayin ni Marcos Jr. kay US President Joe Biden at Japanese Prime Minister Fumio Kishida ang hinggil sa pinagtutunggaliang teritoryo sa South China Sea. Karugtong ang nasabing pagpupulong sa pakikipagkita ni Marcos kay Biden noon pang nakaraang taon.

Di malayong ang lahat ng ito ang magsisindi sa armadong komprontasyon sa pagitan ng US at China. Nagpahayag na ang China ng pagkontra sa nasabing trilateral meeting dahil para sa China, maaari nitong paigtingin ang tensyon sa WPS at pagsimulan ng komprotasyon sa pagitan ng bloke ng mga magkakaalyadong bansa. Duda ang China na ang layunin ng pagpupulong ay upang palalimin ang relasyon ng mga bansang nabanggit

laban sa kanila. Matatandaang ikinagalit din ng China ang isinagawang magkasanib na ehersisyong nabal noong Abril 7, gayundin ang plano ng US na inanunsyo noong Abril 3 ni US Army Pacific Commander General Charles Flynn na magpupwesto sila ng surface-launched medium-range missile sa Indo-Pacific sa katapusan ng taon.

Tahasan ang pagpapagamit ng rehimeng Marcos II sa inihahandang gera ng US laban sa China. Sa kanyang termino, inaprubahan ni Marcos Jr. na gamitin ng US ang apat na dagdag na base nito sa ilalim ng EDCA. Nagpapahintulot ito sa US na mag-istasyon ng tropa rito at ng magkasanib na pasilidad-militar ng US at Pilipinas. Noong Enero, naiulat din na tutulong ang US na magtayo ng daungan sa dulong hilaga ng Pilipinas, malapit sa Taiwan at Miyako Strait, isang estratehikong lugar kung saan susi para pigilan ang pwersa ng China na pumasok sa kalawakan ng karagatang Pasipiko sakaling sumiklab ang gera. Sa gitna ng pagkaladkad ni Marcos II sa gera na mapanganib sa buhay at kaligtasan ng bansa, dapat siyang singilin at panagutin.

Ipinangangalandakan ng US ang bisa ng Mutual Defense Treaty (MDT) para linlangin ang Pilipinas sa pangakong idedepensa nito ang bansa sa armadong pang-aatake sa pwersa ng Pilipinas, sasakyang pandagat o panghihimpapawid, maging ng Coast Guard saan mang panig sa SCS. Sinasakyan ng US ang “resupply mission” ng Pilipinas sa pamamagitan ng kunwa’y pag-alalay dito para makuha ang simpatya ng mamamayang

Pilipino. Dapat ilantad ang nasa likod ng mapanlinlang na pag-aastang kaalyado, kakampi at matibay na sandigan ng US sa kinakaharap na pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas.

Katulad ng ginawang pagpopostura na US na tagapaligtas sa panahon ng pakikidigma ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol at pananakop ng Hapon, walang katuturan ang pagpapanggap ng US. Ang lahat ng aktibidad militar at pang-ekonomyang pakikipagkooperasyon nito sa bansa ay malinaw na magsisilbi lamang sa monopolista at hegemonikong interes nito at walang kinalaman sa kapakanan at interes ng bansa.

Dapat irehistro sa imperyalistang US at China at sa buong daigdig na walang papanigan ang bansa alinman sa kanila at dapat itakwil ang sistematiko at malisyosong panghahati sa mga Pilipino bilang maka-US o maka-China. Dapat manindigan ang bayan laban sa inter-imperyalistang gyera at para sa indepedyenteng patakarang panlabas sa harap ng girian ng mga imperyalistang mandarambong.

This means building the broadest possible unity to fight US imperialism's war provocation to contain China at the Filipino people's expense. CNL thus calls on its members and allies to build, and join alliances and formations opposing US imperialism's evil design to drag the country into a war against China. The Marcos Jr regime must be held accountable for thrusting the country into the real threat of a possible war between the imperialists. China must be called out to respect the country's territorial integrity, especially following the UN arbitral ruling upholding the Philippine position.

Christian revolutionaries have the duty to translate their faith in God into service to the people and country. Even as the church itself is reactionary, "progressives within the church should increase their ranks, strive to change the pro-imperialist and reactionary character and tendencies of the institutional church and officialdom and let the entire church become both

a spiritual and social instrument for the liberation of the oppressed and exploited people.

There is an ample basis in the teachings of the church, in the tradition of Filipino revolutionary priests, and in the example of Catholic religious leaders elsewhere for the religious progressives of today to persuade the bishops, priests nuns, and the entire laity to take an active part in the just and noble movement to complete the struggle for national freedom and democracy." (The Role of Church in Social Change, Prof. Jose Maria Sison, 1986)

Increased efforts must be made to make the church play a key role in opposing this inter-imperialist war at the cost of the Filipino people. This includes unmasking the imperialist beasts US and China and US puppetry of the Marcos Jr. regime, explaining the importance of an independent, foreign policy based on the Filipino people's interests and the NDFP program which promotes this, providing all forms of support in waging through people's war the national democratic revolution with a socialist perspective. It is painstaking arouse, organize and mobilize work to advance the revolution, especially by contributing red fighters to wage the highest form of struggle: armed struggle.

The Filipino people have a long history of fighting and defeating colonialists and imperialists, valiantly fought then by the Katipuneros, Hukbalahap, and now the New People's Army, in all situations with the support of the masses. We must vigorously fight on all fronts these

imperialist actions that directly place the country in danger.

US and China, Out of the Philippines! Fight and defeat US imperialism! Fight US warmongering versus China! Consolidate and expand revolutionary mass organizations! Long live the National Democratic Front of the Philippines! Long live the Communist Party of the Philippines! Long live the New People's Army! Onward with the People's War! Long live the Filipino people!

Buina at patatagin ang rebolusyong pagbubuklod ng mamamayang Lagunense!

Abril 24, 2024

**Malaya Asedillo, Spokesperson
NDF-Laguna**

Nagdiriwang ang lahat ng rebolusyong pagbubuklod ng pwersa sa probinsya ng Laguna sa ika-51 na anibersaryo ng pagkakatatag ng National Democratic Front of the Philippines!

Pinagpupugayan din ng NDFP Laguna ang lahat ng rebolusyong pagbubuklod na nagpapatuloy magpunyagi para isulong ang pambansang pagpapalaya at ang sosyalistang kinabukasan para sa sambayanan. Kabilang na rito ang mga dakilang martir ng kilusan sa probinsya ng Laguna, na nag-alay ng kanilang galing at talino para sa pagsulong ng rebolusyong pagbubuklod ng interes ng mamamayan.

Marami na ang tagumpay na nakamit ng NDFP sa pagsulong ng pambansa-demokratikong

rebolusyon. Sa gabay at pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, nagsisilbi ang NDFP bilang bag-as ng isang rebolusyonaryong nagkakaisang prente na nagbubuklod sa iba't ibang sektor ng masang anakpawis.

Hanggang ngayon, nagpupunyagi at nagpapalawak ang mga balangay at selula ng mga alyadong organisasyon ng NDFP sa kanayunan at kalunsuran ng Laguna. Puspusan ang gawaing edukasyon, propaganda, ahitasyon, at pag-oorganisa ng mga rebolusyonaryong kadre ng NDFP sa mga pagawaan, paaralan, at komunidad sa lungsod. Sa kanayunan, katuwang ng Partido at ng Bagong Hukbong Bayan ang NDFP sa pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at pagpapatibay ng Pulang kapangyarihan.

Malaki ang hamon ngayon para sa lahat ng rebolusyonaryo sa Laguna. Sa ilalim ng tuso at papet na rehimeng US-Marcos Jr., nananatiling nakadungaw ang buwitre ng imperyalismo sa buong bansa. Nagsisilbi si Marcos Jr. bilang pangunahing ahente at tagapagtaguyod ng neoliberalismo.

Sa mga pook-industriyal at engklabo ng lalawigan, nananatiling masyadong malayo ang minimum wage na PHP 360-520 kada araw kumpara sa kinakailangan ng mga pamilya na arawang sahod na PHP 1,100 para sa disenteng pamumuhay. Pinipilit ng reaksyunaryong estado ang mga iskemang neoliberal upang maksimisahin ang nahuhuthot na halaga mula sa lakas-paggawa ng mga manggagawa, habang inaapakan at

pinipigilan nila ang karapatan ng mga manggagawa at mag-union at ipaglaban ang kanilang batayang karapatan.

Sa baybay lawa ng Laguna, pinopondohan ng Asian Development Bank ang Laguna Lakeshore Road Network habang hinahanda rin ang pagtatayo ng North-South Commuter Railway project. Nagmamadali naman ngayon ang mga kroni ni Marcos Jr. sa pagtatayo ng mga proyketo. Sa Pakil, pinopondohan ni Enrique K. Razon ang Ahunan Dam habang itatayo naman ni Gregorio Araneta III ang Belisama Dam. Nakahati naman sa tatlong kontrata ang pagtatayo ng 1,500 MW Floating Solar Panel Farm sa mismong lawa ng Laguna, habang pinag-aaralan ng estado kung paano ipagpapatuloy ang mga dredging operation na papatay sa lawa at sa kabuhayan ng mga mangingisdang nakaasa rito.

Binebenta ni Marcos Jr. ang pambansang ekonomya kasabay ng pagbenta nito sa kabuhayan natin. Nakaamba ngayon ang PUV Modernization Program na magmamasaker sa kabuhayan ng daan-libong tsuper at operator sa buong bansa, habang nakaposisyon na kumita ng bilyun-bilyon ang mga komprador na tulad nina Villar at Araneta, at ang mga dayuhang korporasyong tulad ng Toyota.

Sa kanayunan ng Laguna, tinatalikuran ng estado ang tungkulin nitong tugunan ang krisis ng El Niño habang hinahayaan lamang ang sistematikong pagpatay sa agrikultura. Bukod sa development aggression at malawakang land-use conversion, pinapahintulutan din ni Marcos Jr. ang

walang-tigil na importasyon ng bigas at iba pang batayang produkto na pumapatay sa lokal na produksyon ng mga magbubukid at mangingisda.

Ang lahat ng ito ay sumasaklaw sa lahatang-panig na neoliberal na atake na nagpapalala ng malakolonyal at malapyudal na krisis ng bansa. Nagsisilbi lamang ito para sa bentahe ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at ng mga lokal na oligarko na hayok na hayok sa mas malaking ganansya at tubo.

Habang binebenta ni Marcos Jr. ang ekonomya natin sa mga dayuhan, hinahain din nito ang ating soberanya para pagpiyestahan ng imperyalistang US. Hayagang hinahayaan lamang ni Marcos Jr. na kaladkarin ng US ang Pilipinas tungo sa isang digmaan laban sa China. Sa pagpapahintulot niya sa mga sundalong Amerikano na maglunsad ng mapang-upat na aksyong militar sa West Philippine Sea at sa Batanes, sinasara niya ang pinto para sa hindi antagonistikong pagresolba sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa ating soberanya laban sa agresyon ng imperyalistang China.

Tumitindi ang militarisasyon at pagpapahina sa sibilyan na pamumuno ng reaksyunaryong estado. Patuloy na ginagamit ni Marcos Jr. ang pasistang AFP para sa mga huwad na operasyong “kontra-insurhensya” na nangangahulugang red-tagging at paninindak sa mga komunidad. Nagmimistulang kamay na bakal ang kapulisan sa paninindak nito sa mga aktibista at mamamayang nagpapahayag ng kanilang saloobin. Sa mga pamantasan, tinutulak ng PTF-Elcac ang mga ahensya ng

pamahalaan na isama ang pasismo at red-tagging sa mga kurikulum sa balangkas ng “kapayapaan at seguridad.”

Sa harap ng lumalalang krisis ng nabubulok na lipunang Pilipino, lumalakas din ang mga panawagan ng mamamayang Pilipino para sa komprehensibong pagbabago. Hindi kayang pigilan ng mga pwersa ng reaksyon ang lumalaking disgusto ng mamamayan sa isang bulok, tuta, at pahirap na rehimen. Dumarami ang bilang ng mga kabataan, kababaihan, manggagawa, magsasaka, maralita, LGBTQ+, at iba pang mga sektor na lumalahok sa mga kilos protesta sa loob at labas ng lalawigan.

Hamon ngayon sa NDFP at sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Laguna na bitbitin ang panawagan ng pagbubuo at pagpapalakas sa rebolusyonaryong bag-as ng lumalawak na kilusang pambansa-demokratiko. Napapanahon ngayon ang pagpapalakas at konsolidasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Laguna, bilang pagtugon sa tumitinding krisis at sa kagustuhan ng mamamayan na baguhin ang kasalukuyang bulok na sistema.

Dapat maging aktibo at malikhain ang mga rebolusyonaryo sa paglapat ng teorya sa kongkretong kalagayan ng Laguna. Kailangan natin maging masigla sa gawaing propaganda at edukasyon, mapagkumbaba sa harap ng masa, at seryoso sa pagtupad ng mga rebolusyonaryong gawain. Dapat nating harapin ang panawagan ng Partido para sa kilusang pagwawasto at paunlarin ang ating rebolusyonaryong praktika at paggagap

at rebolusyong teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Nagsisilbi ang NDFP bilang isa sa tatlong makapangyarihang sandata ng mamamayan sa pagsulong ng rebolusyon. Determinado ang NDFP, kaakibat ang Partido at Hukbo, sa patuloy na pagkamit ng mga tagumpay sa pagsulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba.

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!

Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

Mamamayang Lagunense, paglingkuran ang sambayanan, isulong ang digmang bayan!

Hinggil sa teroristang pambobomba ng AFP sa Abra at Ilocos Sur

Abril 24, 2024

Florencio Baluga, Spokesperson NPA-Abra (Agustin Begnalen Command)

(April 9, 2024) Noong Abril 2, 2024 bandang alas-6 ng gabi niyanig ng malalakas na pagsabog, mula mga eroplanong panggera na Super Tocano ng AFP at istraping ng gunship helicopter nito, ang mga mamamayan ng Barangay Nagcanasan, Barangay Gapang sa Pilar, Abra, at ng Barangay Babalasioan at Barangay Silag sa Sta Maria, Ilocos Sur. Ang mga bombang inihulog ng AFP ay tumama malapit sa mga komunidad at mga sakahan.

Ang nasabing pambobomba ng AFP ay nangyari matapos ang armadong labanan sa pagitan ng NPA at 50th IB bandang tanghali ng Abril 2 sa pagitan ng Pilar, Abra at Sta Maria, Ilocos Sur. Sa labanang ito, ligtas at matagumpay na nakapagdependa ang yunit ng NPA habang isa ang kumpirmadong patay at di-matukoy na bilang ng sugatan ang natamo ng 50th IBPA.

Samantala, bandang tanghali noong Abril 2 ay nagsimulang magbakwit ang mga mamamayan ng Barangay Nagcanasan, Barangay Gapang at ang Sityo Paring ng Barangay Babalasioan. Ang pwersadong ebakwasyon na ito ay ipinag-utos ng militar sa LGU ng Pilar upang bigyang katwiran ang kanilang walang pakundangang paghuhulog ng bomba malapit sa mga komunidad. Sa datos ng isang lokal na media outlet ng Abra tinatayang 135 na pamilya o humigit kumulang na 500 na indibidwal ang apektado, ang mga ito ay pansamantalang nanatili sa Evacuation Center Gymnasium ng bayan ng Pilar. Matapos ang 2 araw, noong Abril 4 ng hapon saka pa lang nakabalik sa kanilang komunidad ang mga residente upang asikasuhin ang mga naiwan nilang alagang hayop, pananim, bahay at kabuhayan. Ang mayorya sa mamamayan sa nasabing mga bayan ay magsasaka, pagtatanim ng palay at tabako ang ikinabubuhay nila. Karamihan sa kanila ay lubog sa utang o lubhang maliit ang kinikita dahil sa pyudal na pagsamantala ng mga panginoong maylupa at sa mala-pyudal na patakaran ng mga kumpanyang tabako kasabwat ang National Tobacco Administration. Bilyon-bilyong salapi ang ibinubulsa ng mga kapitalista,

panginoong maylupa, usurero at ganid na pulitiko habang namamatay, nagugutom at nagkakasakit ang mga nagtatanim ng tabako.

Ang paggamit ng terorismo o karahasan ng gobyerno ni Marcos Jr laban sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ay malaking kabiguang tugunan at wakasan ang malalim na kumunoy ng kahirapan lalo na ng mga magsasaka na siyang pinakainaapi at pinagsasamantalahan sa buong bansa. Ang mga mamamayan ng Ilocos at Abra ay dumaranas ngayon ng matinding mahabang tagtuyot. Dapat lang na solusyunan ang krisis sa pagkain at sa tubig sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ng mamamayan ngunit ang ganting tugon ni Marcos Jr ay bomba de gera at matinding pagkakait ng karapatan na mamulat, mag-organisa at sama-samang kumilos ng mga magsasaka at ibang pang naghihirap na sektor ng lipunan. Malaking halaga ang inuubos ni Marcos Jr para sa militar, kagamitang pandigma at mga malalaking balikatan exercises sa West Philippine Sea kasama ang amo nitong imperyalistang US habang kakarampot hanggang sa wala ang natatamasa ng mamamayan. Kung malalim nating susuriin, matagal nang inaagawan ng lupa, lubog sa utang, at inaapi ang mga magsasaka sa Ilocos, Cordillera at buong bansa.

Marapat lamang na patuloy na palakasin ang pagkakaisa ng mamamayan at kondenahin ang walang pakundang aerial bombing at pagpataw ng militar sa pwersahang ebakwasyon. Dapat lang na patuloy na ipaglaban ng mamamayan ang kanilang karapatan laban sa karahasan at terorismo ng

estado. Marapat lang na ipagtanggol ng mamamayan ang kanilang mga samahan at samasamang resolbahin ang mga problema sa kabuhayan. Marapat lang na patuloy na palakasin at pahigpitin ang ugnay ng masa at ng kanilang Bagong Hukbong Bayan bilang pangunahing sandata ng pakikibaka para sa tunay na demokrasya at kalayaan.

Mabuhay ang Demokratiko Rebolusyon ng Bayan! Ibagsak ang pyudalismo, imperyalismo at burukrasya kapitalismo! Sumapi sa New People's Army!

Ipagbunyi ang 51 taong tagumpay ng National Democratic Front of the Philippines! Palakasin at palawakin ang pambansa-demokratikong prente ng masang Ilokano! Ibagsak ang pasistang diktadurang US-Marcos II at ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan!

Abril 24, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Ilocos at ang buong rebolusyonaryong puersa at masang Ilokano ay nagpapaabot ng pinakamilitanteng pagbati sa ika-51 anibersaryo ng NDFP!

Tayo ay nagdidiwang dahil umabot tayo sa mahigit limang dekada ng demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino, na hindi nagapi ng mabagsik na estado ng naghaharing-uri, kundi matatag na tumatayo at tumatangan sa maniningning na mga tagumpay sa madugong pakikihamok sa nagsalit-salitang rehimen ng mapang-aping uri. Ang mga tagumpay na ito ay ating ialay sa lahat ng mga rebolusyonaryong martir na nagbuwis ng kanilang buhay para sa rebolusyon. Iginagawad natin ang pinakamataas na pagpupugay sa ating Pulang hukbo na buong giting na nakikihamok sa kaaway at walang pag-iimbot na nagpapasan ng pinakamabigat na sakripisyo para makamit ang mga tagumpay ng ating pakikibaka. Iginagawad natin ang pinakamataas na pagkilala sa mga rebolusyonaryong puersa at mga alyado ng NDFP na walang humpay na nagbibigkis sa masang api para sa rebolusyon.

Ang rebolusyonaryong kasaysayan ng Ilokos mula 1969 ay hitik sa magiting na pakikibaka ng mamamayang Ilokano. Marami itong pinagdaanang hamon, pangunahin ang mga hakbanging pangwawasak ng kaaway, kabilang ang mga paglihis at pag-atras dahil sa mga panloob na kamalian, subalit sa kabuuan ay sumulong ito at nakapag-ambag sa pagtataguyod ng demokratikong rebolusyon sa buong bansa sa mahigit limang dekada. Dahil ito sa mahigpit na pagtangan sa gabay ng Partido at tanglaw ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Naipundar ang rebolusyonaryong kilusan ng masang Ilokano sa panahon ng pasistang paghahari ng rehimeng US-Marcos Sr na nagkaanyo sa Ilocos sa marahas na paghahari ng mga warlord na mahigpit na kumontrol sa burukrasya at militar, upang manatili ang kanilang monopolyo sa lupa at kalakalan sa tabako. Tinangka ng rehimen na pigtasin ang bubot nito sa pagpapataw ng Martial Law subalit nabigo lamang.

Nagkahugis ang pambansa-demokratikong alyansa ng mga manggagawa, magsasaka at panggitnang uri sa rehiyon noong pang 1969. Panahong naipataw ang Martial Law, umusbong ang demokratikong kilusang masa ng kabataan-estudyante at panggitnang puersa sa mga sentrong bayan ng La Union, Ilocos Sur at Ilocos Norte. Sa pagputok ng Sigwa ng Unang Kwarto, ang mga Ilokanong kabataan-estudyante at manggagawa ay nagbalik sa kanilang mga bayan sa Ilocos upang mag-organisa at sumampa sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Napundar ang rebolusyonaryong armadong kilusan sa Ilocos noong 1971, sa kasagsagan ng pasistang diktadura. Bunsod ito ng pakikibaka ng masang magsasaka na naggiit sa pagpapababa sa upa sa lupa at interes sa pautang ng mga panginoong maylupa. Muling napatunayan na sa matinding panunupil ay napapaypayan at lumalagablab ang digmang bayan. Sa pagpapaigting ng armadong pakikibaka at anti-diktadurang pakikibakang masa, naging aktibong

bahagi ang masang Ilokano sa pagpapabagsak sa diktadura ng unang rehimeng Marcos.

Pinatatag at pinalawak ng Partido ang pambansa-demokratikong alyansa ng masang Ilokanong magsasaka, manggagawa at panggitnang-uri sa pagsusulong ng pakikibakang anti-pyudal, anti-imperyalista at anti-pasista. Sa pamamagitan nitong pambansa-demokratikong alyansa, isinulong ang pakikibakang magsasaka na nagkamit ng mga kongkretong tagumpay sa pagpapababa sa upa sa lupa, laban sa usura at mapagsamantalang iskema sa kalakalan ng tabako at mga produktong bukid at pagpapataas sa sahod ng manggagawang-bukid. Walang-humpay na lumaban sa pasistang panunupil at pagtatanggol sa karapatang pantao. Nakibahagi sa pambansang paglaban para sa paglalansag ng base-militar ng imperyalistang US na nakatayo dito sa Ilocos. Lumaban sa pandarambong at pagwasak sa kalikasan at sa burukratikong korapsyon ng mga gahamang pulitiko sa rehiyon.

Sa paglakas ng demokratikong kilusang masa na nagkamit ng mga tagumpay ay lumakas at sumulong ang armadong pakikibaka sa Ilocos. Dumagsa ang mga kabataan sa kanayunan at kalunsuran sa mga sonang gerilya. Lalong lumakas ang agraryong rebolusyon ng magsasaka sa pagpapatupad ng BHB ng mga hakbanging pamamarusa sa mga despotikong panginoong maylupa at mga mapagsamantalang kumpanya ng tabako, sa mga pasistang tropa at kanilang mga ahenteng espiya. Dahil dito, lalong lumawak at lumakas ang mga rebolusyonaryong samahan ng

masa na nakapaloob sa NDFP na naging balon ng paglawak ng mga yunit ng Partido at BHB. Lumawak at lumakas din ang impluwensiya ng NDFP sa panggitnang uri kabilang ang mga naliliwanagang panginoong maylupa, mga negosyante at mga burukrata ng Ilocos.

Ang tagumpay sa pakikibaka ng pambansa-demokratikong prente ng masang Ilokano sa loob ng 51 taon ay pilit hinahablot at pinupunit ng reaksyunaryong rehimen. Subalit ang lupang sinibulan nito ay lalong tumataba, sa pagsidhi ng krisis ng malapyudal at malakolonyal na lipunan, kung kaya't lalo pang yumayabong at tumatatag.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II, ang batayang suliranin ng monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa sa Ilocos ay nananatili at sumisidhi pa. Ang monopolyo sa tabako ay nasa kamay pa rin ng mga malalaking burges-kumprador. Tuloy-tuloy at tumatarik ang pagbagsak ng ani at kita ng magsasaka dahil sa pananatili ng pyudal na pagsasamantala sa mataas na upa sa lupa at usura, na sinasabayan ng mataas na gastusin sa pagsasaka at iba pang epekto ng liberalisasyon sa agrikultura gaya ng pagdagsa ng imported na palay, bawang at sibuyas, mapagsamantalang iskema sa contract growing ng tabako, tahasang pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno sa serbisyo sa agrikultura gaya ng irigasyon at subsidyo sa pagsasaka at pangungurakot sa pondong laan sa serbisyong agrikultura gaya ng excise tax sa tabako.

Sa programa nitong gawing sentro ng pamumuhunan ng Southeast Asia ang Ilocos, lalo

pang ibinubukas ng rehimeng Marcos Jr., sa mga dayuhang kapitalista at lokal na malalaking burges-kumprador ang lupa at natural na kayamanan ng Ilocos.

Pinasisidhi ang kawalan ng lupa ng magsasaka sa land-use conversion ng lupang sakahan para sa mga negosyo, imprastraktura at eko-turismo. Tampok dito ang pang-aagaw sa libo-libong ektarya ng lupang ninuno ng mga pambansang minorya ng mga dayuhan at lokal na malalaking kapitalista para sa mga windmill, solar at hydropower plant. Malaking panganib din sa buhay ng pambansang minorya at mamamayang Ilokano ang planong malalaking dam sa Ilocos.

Lalo ding nanganganib ang kabuhayan ng mangingisda ng Ilocos sa patakarang liberalisasyon sa pamumuhunan sa pangisdaan ng bansa. Ang mga patakarang ito ay pinahihigpit sa pagpapatupad ng mga lokal na gubyrno ng mga ordinansa't batas kagaya ng zoning, na nagtatakda ng limitadong perimetro ng pinahihintulutang pangisdaan upang bakuran ang laot ng Lingayen Gulf para sa mga kapitalistang fishing vessel. Dagdag banta sa kabuhayan ng mangingisda at pagkawasak ng kapaligiran ang muling pagtutulak ng black sand mining, gayundin ang plano ng rehimeng Marcos Jr. na itayong mga offshore windmills.

Dahil sa pagkawala ng kanilang lupa at kita sa pagsasaka, tumatampok ngayon sa Ilocos ang pagdami ng bilang ng mga manggagawang-bukid, mala-manggagawa sa konstraksyon at serbisyo at iba pang di-istable at hindi disenteng

pagkakakitaan. Ang mga manggagawa at maliliit na empleyado ay nagtitiis sa hindi nakabubuhay na sahod at laging nanganganib ang kabuhayan dahil sa malaganap na kontrakwalisasyon. Ang mga drayber at opereytor ay nasa bingit ng pagkawala ng kanilang kabuhayan dahil sa kontra-mamamayang transport modernization program ng rehimeng Marcos Jr.

Sa panunumbalik ng dinastiyang Marcos sa tuktok ng poder, lalo pang pinagtibay ang kanilang monopolyo ng kapangyarihan sa Ilocos. Maliban sa mga posisyon sa pambansang gobyerno, hawak ng mga Marcos ang lahat ng susing posisyon sa lokal na gubyerno ng Ilocos Norte. Samantalang ang kanilang dating mga warlord na dinastiya ng Fariñas ng Ilocos Norte, Ortega sa La Union at Singson sa Ilocos Sur ay nananatili sa kapangyarihan at mayhawak sa ekonomiya. Kasabwat ng mga ito ang mga malalaking burges-kumprador at panginoong maylupang Lopez, Ayala, Aboitiz at Villar at mga dayuhang kapitalista sa pangangamkam sa lupain, likas na yaman at monopolyo sa negosyo sa rehiyon.

Mas pinatatag pa ng dinastiyang Marcos ang proteksyon at pasistang paghahari nito sa Ilocos. Tahasang idinedeklara ng mga nakadeploy na yunit ng AFP at PNP sa Ilocos na sila ay nakatalaga dito upang bigyang proteksyon ang pamilyang Marcos at kanilang mga negosyo.

Kahit patuloy na idinedeklara ng AFP na malaya na ang Ilocos sa insurhensiya, buhos pa rin ang mga tropang militar sa mga komunidad—ang mga puersa ng Philippine Army na 102nd Infantry

Battalion at 50th Infantry Battalion sa Ilocos Sur, ang 702nd Infantry Brigade sa La Union, ang 24th Infantry Battalion at 4th Marine Brigade sa Ilocos Norte. Katuwang ng AFP units na ito ang mga Mobile Forces ng PNP, CAFGU at intelligence units. Nagsasagawa ang mga ito ng tuloy-tuloy at mararahas na focused military operations at civil-military operations na nagsasailalim sa mga komunidad ng magsasaka, mangingisda at pambansang minority sa matinding militarisasyon. Muling rumurok ang militarisasyon sa pambobomba ng AFP sa hangganan ng Sta. Maria, Ilocos Sur at Pilar, Abra nitong Abril 2.

Sa ilalim ng programa ng NTF-ELCAC, pinag-iibayo ang harassment, red-tagging, fake surrender at warrantless arrest sa mga lider at kasapi ng mga legal na organisasyong masa, gayundin sa mga retirado at matagal nang bumabang mga dating kasapi ng BHB, at kahit sa mga inosenteng sibilyan at mga taong-simbahan. Pinag-iibayo pa ang pasistang pang-aatake nitong huli dahil sa pag-igting ng laban ng pambansang minority sa mga mapanirang proyektong enerhiya at pagrerehistro ng demanda ng magsasaka't mangingisda.

Hindi man deklarado, nasa Ilocos Norte ang isang EDCA site at base militar ng imperyalistang Amerikano sa kanyang paghahanda sa gyera sa China. Ipinuesto ang Headquarters ng 4th Marine Brigade sa coastal area sa Burgos, Ilocos Norte na tumatanaw sa South China Sea, at nagsisilbi ngayong monitoring facility ng US Marines sa galaw ng China.

Muling isasagawa ang ibang bahagi ng Balikatan Exercises ngayong taon sa Ilocos Norte, kung kaya't matinding pangamba ang muling sumasaklot ngayon sa mamamayan dito. Ang base militar ng imperyalistang US sa Ilocos Norte ay pain sa atake ng kaaway nitong China, kung kaya't nanganganib ang buhay ng mamamayang Ilokano na madadamay sa gera ng mga ganid na imperyalista.

Sa paghahari ng rehimeng US-Marcos II, marapat na balikan ng masang Ilokano ang kasaysayan ng kanilang magiting na pakikibaka upang labanan hanggang maibagsak ang unang rehimeng US-Marcos. Nararapat na kanilang sariwain na mula naipundar ang kanilang rebolusyonaryong kilusan noong 1969 dito sa Ilocos ay pilit nang winawasak ng kaaway. Subalit dahil sa ito ay malalim at malawak na umugat sa nakararaming masang api, ay hindi na basta-basta matitinag.

Higit pa sa ngayon, sa pagpapatuloy ng paghahari ng dinastiyang Marcos ay ipinagpapatuloy ang sagad-sagaring pagpapakatuta sa mga among imperyalista at isinusuko ang pambansang soberanya at patrimonya ng bansa. Higit pa sa ngayon, na lalo pa nitong pinagtitibay ang paghahari ng mga malalaking burges kumprador at panginoong maylupa na ibayo pang nagsasadlak sa bayan sa di mabatang paghihirap.

At higit din sa ngayon, na ibayo pang napanday ang paninindigan ng rebolusyonaryong puersa sa Ilocos sa mga aral na nahugot sa mga pinagdaanan nitong mga kilusang pagwawasto ay nagpapanibagong lakas at nagpapanibagong sigla

sa pagharap sa mga lumalaking hamon sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan hanggang sa tagumpay.

Sa okasyon ng ika-51 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines, ang masang magsasaka, manggagawa, mangingisda, pambansang minorya, kabataan-estudyante at panggitnang puersa ng Ilocos ay higit pang magbigkis, magpalakas at magpalawak. Isulong ang ating istorikal na pakikibaka sa pagbabagsak ng pasistang diktadura, at kinaluluklukan nitong imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Higit pa nating paalingawngawin ang mga panawagan sa agraryong rebolusyon, sa pagpapatalisik sa base militar ng imperyalistang US at pagtatanggol sa soberanya ng Pilipinas, sa paggigiit sa karapatang pantao, hustisya at tunay kapayapaan.

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines! Mabuhay ang rebolusyong Pilipino!

[Iloco Translation]

Rambakan ti 51 tawen a balligi ti National Democratic Front of the Philippines! Papigsaen ken palawaen ti nailian-demokratiko a prente ti masa nga Ilokano! Ibagsak ti pasista a diktadura ti US-Marcos II ken ipagballigi ti demokratiko a rebolusyon ti umili!

Abril 24, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Ti National Democratic Front of the Philippines (NDFP) iti Ilocos ken ti sibubukel a rebolusyonaryo a puersa ken masa nga Ilokano ket mangidandanon ti kabaraan a panagkablaaw iti maika-51 anibersaryo ti NDFP!

Agramrambak tayo gapu ta dimmanon tayo iti nasurok lima a dekada ti demokratiko a rebolusyon ti umili a Pilipino, a saan a naatiw ti narungsot nga estado ti agar-ari a dasig, nu di ket sititibker a tumaktakder ken mangitagtag-ay iti naririmat a balligi iti nadara a pannakilaban iti nagsisinnublat a rehimen ti mangidadanes a dasig. Dagitoy a balligi ket intay idaton iti amin a rebolusyonaryo a martir a nagibuwis ti biag da para iti rebolusyon. Isagsagut tayo ti kangatuan a pammadayaw iti Nalabbaga a iti hukbo tayo a nabannuar a makirinrinnupak iti kabusor ken naanus a manginbakkalay iti kadagsenan a sakripisyo tapno magun-od dagitoy a balligi ti

dangadang tayo. Ipapaay tayo ti kangatuan a panangbigbig kadagiti rebolusyonaryo a puersa ken dagiti alyado ti NDFP nga awan sarday a mangrepreppet iti masa a maidadanes para iti rebolusyon.

Ti rebolusyonaryo a pakasaritaan ti Ilokos manipud 1969 ket narukbos iti nabannuar a dangadang ti umili nga Ilokano. Adu ti nagdalan na a karit, kangrunaan dagiti addang a pangduprak ti kabusor, karaman dagiti panagsiasi ken panag-atras gapu kadagiti pang-uneg a kamkamali, ngem iti kabuklan ket immabante ken nakaibingay iti panangitandudo iti demokratiko a rebolusyon iti intero a pagilian iti nasurok lima a lima dekada. Gapu daytoy iti nairut a panangiggem iti tarabay ti Partido ken ti silaw ti Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Naipundar ti rebolusyonaryo a tignay ti masa nga Ilokano iti panawen ti pasista a panagari ti rehimen US-Marcos Sr a naglanga iti Ilocos iti naranggag a panagari dagiti warlord a nairut a nangkontrol iti burukrasya ken militar, tapno agatalinaed ti monopolyo da iti daga ken linnakuan iti tabako. Ginandat ti rehimen a keltayen ti busel daytoy babaen ti panangipataw iti Martial Law ngem napaay laeng.

Nabukel ti nailian-demokratiko nga alyansa dagiti mangmangged, mannalon ken makintengnga a dasig iti rehiyon idi pay 1969. Panawen a naipataw ti Martial Law, rimmusing ti demokratiko a tignay masa ti kabataan-estudyante ken makintengnga a puersa kadagiti sentro nga ilili ti La Union, Ilocos Sur ken Ilocos Norte. Iti

panagbettak ti First Quarter Storm, dagiti Ilokano a kabataan-estudyante ken mangmangged ket nagsubli kadagiti ili da iti Ilocos tapno agorganisa ken sumampa iti New People's Army (NPA).

Napundar ti rebolusyonaryo nga armado a tignay iti Ilocos idi 1971, iti kangitingitan ti pasista a diktadura. Intunda daytoy ti dangadang ti masa a mannalon a nangilaban ti panagpababa iti abang ti daga ken interes iti pautang dagiti apo't daga. Maminsan pay a napaneknekan nga iti nakaro a panangidadanes ket mapalpal-idan ken umap-apoy ti gubat ti umili. Iti panangpairteng iti armado a dangadang ken anti-diktadura a dangadang ti masa, nagbalin nga aktibo a paset ti masa nga Ilokano iti panagpabagsak iti diktadura ti umuna a rehimen Marcos.

Pinatibker ken pinalawa ti Partido ti nailian-demokratiko nga alyansa ti masa nga Ilokano a mannalon, mangmangged ken makintengnga a dasig iti panangiyabante iti anti-pyudal, anti-imperyalista ken anti-pasista a dangadang. Babaen iti daytoy a nailian-demokratiko nga alyansa, naiyabante ti dangadang ti mannalon a naggun-od kadagiti kongkreto a balligi iti panagpababa iti abang ti daga, panagipababa ti interes ti pautang ken mananggundaway nga iskema iti linnakuan ti tabako ken dagiti produkto ti talon ken panangipangato ti tangdan dagiti mangmangged-talon. Saan a nagsarday a limmaban iti pasista a panangidadanes ken panangsalaknib iti karbengan-tao. Nakipaset iti nailian a dangadang para iti panangpaikkat kadagiti base-militar ti imperyalista a US a

naitakder met ditoy Ilocos. Limmaban iti pananggamrud ken panangdadael iti aglawlaw ken iti burukratiko a korapsyon dagiti bukliis a pulitiko iti rehiyon.

Iti panagpigsa ti demokratiko a tignay masa a naggun-od kadagiti balligi ket pimmigsa ken immabante ti armado a dangadang iti Ilocos. Nagsiserrek kadagiti sona a gerilya dagiti agtutubo iti kaaw-awayan ken kasyudadan. Ad-adda a pimmigsa ti agraryo a rebolusyon ti mannalon iti panangipatungpal ti NPA kadagiti addang pannusa kadagiti despotiko nga apo't daga ken kadagiti mananggundaway a kumpanya ti tabako, kadagiti pasista a tropa ken kadagiti ahente da nga espiya. Gapu ditoy ket ad-adda a pimmigsa ken limmawa dagiti rebolusyonaryo a timpuyog ti masa a nakaipauneg iti NDFP. Limmawa ken pimmigsa met ti impluwensiya ti NDFP iti makintengnga a dasig, karaman dagiti nalawlawagan nga apo't daga, negosyante ken burukrata iti Ilocos.

Ti balligi iti dangadang ti nailian-demokratiko a prente ti masa nga Ilokano iti unos ti 51 tawen ket pilit a rabrabsuten ken pigpigisen ti reaksyunaryo a rehimen. Ngem ti daga a nagrusingan daytoy ket dumamdam-eg iti panagdakes ti krisis ti malapyudal ken malakolonyal a gimong, isu a rimmangpaya ken timmibker.

Iti sidong ti rehimen US-Marcos II, ti batayan a parikut ti monopolyo iti daga dagiti apo't daga iti Ilocos ket agtaltalinaed ken kumarkaro pay. Ti monopolyo iti tabako ket agtaltalinaed iti ima dagiti dadakkel a burges-kumprador. Tuloy-tuloy

ken bumabbaba ti panagbagsak ti ani ken sapul ti mannalon gapu iti panagtalinaed ti pyudal a panaggundaway iti ngangato nga abang iti daga ken usura, a gididdanan ti nangato a gastos iti panagtalon ken dadduma pay nga epekto ti liberalisasyon iti agrikultura kas ti importasyon ti pagay, bawang ken sibuyas, mananggundaway nga iskema iti contract growing ti tabako, panagbaybay-a ti reaksyunaryo a gubyrerno iti serbisyo iti agrikultura kas ti irigasyon ken subsidyo iti panagtalon ken panagkurakot iti pondo kas ti excise tax ti tabako a naisangrat iti serbisyo iti agrikultura.

Iti programa na nga aramiden ti Ilocos a sentro ti panagpuonan iti Southeast Asia, ad-adda pay nga iluklukat ti rehimen Marcos Jr., kadagiti gangannaet a kapitalista ken lokal a dadakkel a burges-kumprador ti daga ken natural a kinabaknang ti Ilocos.

Pakpakaruen ti rehimen Marcos II ti kinaawan ti daga ti mannalon iti Ilocos gapu iti land-use conversion ti katalalonan para kadagiti negosyo, imprastraktura ken eko-turismo. Nalatak ti panag-agaw dagiti gangannaet ken lokal a dadakkel a kapitalista ti rinibo nga ektarya nga ansestral a daga dagiti nailian a minorya para kadagiti windmill, solar ken hydropower plant. Dakkel met a peggad iti biag ti nailian a minorya ken umili nga Ilokano ti plano a dadakkel a dam iti Ilocos.

Ad-adda met nga agpegpeggad ti pagbiagan dagiti mangngalap ti Ilocos iti patakaran a liberalisasyon iti panagpuonan iti pagkalapan ti pagilian. Dagitoy a patakaran ket papairuten dagiti lokal a gubyrerno

iti panangipatungpal da kadagiti ordinansa ken linteg kas ti zoning, a mangikedkeddeng iti limitado a perimetro ti mapalubosan a pagkalapan tapno aladan ti kabaybayan ti Lingayen Gulf para kadagiti kapitalista a fishing vessel. Nayon a pangta iti pagbiagan ti mangngalap ti pannakadadael ti aglawlaw iti balbaliw a panangiduron ti rehimen Marcos Jr. iti black sand mining ken ti plano a maitakder nga offshore windmills.

Gapu iti pannakapukaw ti daga ken sapul da iti panagtalon, lumatlatak ita iti Ilocos ti panagadu iti bilang dagiti mangmangged-talon, mala-mangmangged iti konstraksyon ken serbisyo ken dadduma pay a saan nga istable ken saan a disente a pagsapulan. Dagiti mangmangged ken babassit nga empleyado ket agan-anus iti saan a makabiag a sueldo ken kanayon nga agpegpeggad ti pagbiagan da gapu iti nasaknap a kontrakwalisasyon. Dagiti drayber ken opereytor ket agngangabit ti pagbiagan da gapu iti kontra-umili a transport modernization program rehimen Marcos Jr.

Iti panagsubli ti dinastiya a Marcos iti tuktok ti poder, lalo da pay a pinalagda ti monopolyo iti turay da iti Ilocos. Malaksid kadagiti posisyon iti nailian gobyerno, tengngel dagiti Marcos ti amin a kangrunaan a posisyon iti lokal a gubyerno ti Ilocos Norte. Kabayatan a dagiti datin a warlords da a dinastiya ti Fariñas iti Ilocos Norte, Ortega iti La Union ken Singson iti Ilocos Surket agtaltalinaed iti turay ken mangtengtengel iti ekonomiya. Kasabwat dagitoy dagiti dadakkel a

burgess-kumprador ken apo't daga a Lopez, Ayala, Aboitiz ken Villar ken dagiti gangannaet a kapitalista iti pananggamrud iti daga, natural a gameng ken monopolyo iti negosyo iti rehiyon.

Ad-adda pay a pinatibker ti dinastiya a Marcos ti proteksyon ken pasista a panagari da iti Ilocos. Bulgar nga iwarwaragawag dagiti nakadeploy a yunit ti AFP ken PNP iti Ilocos a nakadestino da ditoy tapno ikkan proteksyon ti pamilya a Marcos ken dagiti negosyo da.

Uray paulit-ulit nga idekdeklara ti AFP a nawayan ti Ilocos iti insurhensiya, nakaibukbok latta dagiti tropa ti militar kadagiti komunidad - dagiti puersa ti Philippine Army a 102[nd] Infantry Battalion ken 50[th] Infantry Battalion iti Ilocos Sur, ti 702[nd] Infantry Brigade iti La Union, ti 24[th] Infantry Battalion ken 4th Marine Brigade iti Ilocos Norte. Kabinnadang dagitoy nga AFP units dagiti Mobile Forces ti PNP, CAFGU ken intelligence units. Agiyar-aramid dagitoy kadagiti awan-ressat ken narurungsot a focused military operations ken civil-military operations a mangipaspasidong kadagiti komunidad ti mannalon, mangngalap ken nailian a minorya iti nainget a militarisasyon. Balbaliw nga imminget ti militarisasyon iti panagbomba ti AFP iti nagbeddeng ti Sta. Maria, Ilocos Sur ken Pilar, Abra iti daytoy Abril 2.

Iti sidong ti programa NTF-ELCAC, kumarkaro ti harassment, red-tagging, fake surrender ken warrantless arrest kadagiti lider ken kamkameng dagiti legal a timpuyog ti masa, kasta met kadagiti retirado ken nabayagen a bimmaba a dati a kamkameng ti NPA, ken uray dagiti inosente a

sibilyan ken dagiti tao ti simbaan. Pinainget da pay ti pasista a panagatake iti daytoy maudi gapu iti pimmigsa a panaglapan dagiti nailian a minorya kadagiti makadadael a proyekto ti enerhiya ken iti panangirehistro dagiti mannalon ken mangngalap iti demanda da.

Saan man a deklarado, adda iti Ilocos Norte ti maysa nga EDCA site ken base militar ti imperyalista nga Amerikano iti panagsagana na iti gyera iti China. Inpuesto da ti Headquarters ti 4th Marine Brigade iti coastal area iti Burgos, Ilocos Norte a mangtantannawag iti South China Sea, ken agserserbi a monitoring facility iti garaw ti China.

Balbaliw a maiyaramid ti dadduma a paset ti Balikatan exercises ita a tawen iti Ilocos Norte, isu a nakaro a danag ti sumaksaklot iti umili ditoy tatta. Ti base militar ti imperyalista a US iti Ilocos Norte ket appan iti atake ti kabusor na a China, isu nga agpegpeggad ti biag dagiti umili nga Ilokano a mairaman iti gera dagiti bukalis nga imperyalista.

Iti panagari ti rehimen US-Marcos II, rumbeng a sublian ti masa nga Ilokano ti pakasaritaan ti nabannuar a dangadang da iti panaglapan agingga a maibagsak ti umuna a rehimen US-Marcos. Nasken nga inda lagipen a manipud naipundar ti rebolusyonaryo a tignay da idi 1969 ditoy Ilocos ket pilit a dupdupraken daytoy ti kabusor. Ngem gapu ta daytoy ket nauneg ken nalawa a rimmaut iti masa a maikuskuspil, saan a basta-basta magungon.

Ad-adda pay ita, iti panagtultuloy ti panagari ti dinastiya a Marcos ket itultuloy daytoy ti napeklan a panagpakaaso-aso kadagiti amo da nga imperyalista ken isuksuko da ti nailian a soberanya ken patrimonya ti pagilian. Ad-adda pay ita, a patpatibkeren da pay ti panagari ti dadakkel a burges-kumprador ken apo't daga nga nakarkaro pay a mangitentennag iti umili iti saan a masbaalan a kinarigat.

Ken nangruna pay ita, ta ad-adda pay a natenneb ti pangngeddeng ti rebolusyonaryo a puersa iti Ilocos kadagiti adal a naadaw kadagiti dinalan daytoy a tignay panagilinteg, ket agpappapigsa ken agparparegta iti panangsango kadagiti dumakdakkel a karit iti panangiyabante ti demokratiko a rebolusyon ti umili agingga't balligi.

Iti okasyon ti maika-51 anibersaryo ti National Democratic Front of the Philippines, ti masa a mannalon, mangmangged, mangngalap, nailian a minorya, kabataan-estudyante ken makintengnga a puersa iti Ilocos ket ad-adda pay nga agkaykaysa, agpapigsa ken agpalawa. Iyabante ti istorikal a pannakidangadang iti panangibagsak ti pasista a diktadura, ken ti nagtugawan daytoy nga imperyalismo, pyudalismo ken burukrata kapitalismo.

Ad-adda pay a paawengen tayo dagiti awag iti agraryo a rebolusyon, iti panangpadisi kadagiti base militar ti imperyalista a US ken panangsalaknib iti soberanya ti Pilipinas, iti panangirupir iti karbengan-tao, hustisya ken pudno a talinaay.

Agbiag ti National Democratic Front of the Philippines! Agbiag ti rebolusyon a Pilipino!

Ipagbunyi ang ika-51 anibersaryo ng NDFP! Palakasin at palawakin ang nagkakaisang prente upang ipagtanggol ang soberanya at biguin ang pagkaladkad ng US sa Pilipinas sa imperyalistang gera!

Abril 24, 2024

**Salvador del Pueblo, Spokesperson
NDF-Cagayan Valley**

Ngayong araw, buong-siglang ipinagdiriwang ng buong rebolusyonaryong pwersa, mga kaanib na organisasyon, at mga kaabigan at alyado ang ika-51 anibersaryo ng pagkakatatag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Marapat lamang na ipagbunyi ang araw na ito dahil sa nakalipas na limang dekada, nanatili itong matatag na nakatayo at patuloy na itinataguyod at ipinaglalaman ang pambansa at panlipunang paglaya sa kabila ng mabangis na atake at teroristang paninibasib ng estado sa kalunsuran at kanayunan. Marami na itong nakamit na tagumpay para sa mamamayan, at mahigpit na panata nito na dalhin sa katubusan ang pambansa-demokratikong adhikain hanggang sosyalismo.

Krusyal ang papel, at naghuhumiyaw na tungkulin ng NDFP na ibayong buklurin ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng bandila ng patriyotismo at tunay na demokrasya,

upang ipagtanggol ang buhay at kalayaan ng bansa sa harap ng pagyurak sa kasarinlan at pambansang soberanya, at malaking banta na mahigop ang Pilipinas sa alimpuyo ng imperyalistang digmaan. Kailangang-kailangang ding palakasin at ibayong pasiglahin ng NDFP ang mga kilusan at protestang masa sa kinakaharap ng mamamayang Pilipino—ang papatinding ligalig panlipunan, pagsahol ng pagdarahop ng masang anakpawis, at tumitinding pampulitikang pandarahas at teroristang panunupil.

Walang kaparis ang paghihikahos ng mga mamamayan ng Cagayan Valley sa harap ng kriminal na kapabayaang rehimen ng US-Macrcos Jr sa gitna ng pananalanta ng magkakasunod ng bagyo at pagbaha, at ngayo’y El Niño na lalong nagsadlak sa dating nang hikahos na pamumuhay ng mayorya ng mamamayan. Nagdurusa ang mga manggagawa at karaniwang kawani sa napakababang sahod sa harap ng walang-awat na pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihan. Sa kabila nito, walang-puknat pa rin ang mga nakapokus na operasyong militar ng 5th ID at okupasyon sa mga sibilyang komunidad sa kanayunan. Lalo pa silang nasasadlak sa pagtatayo ng tatlong base militar sa rehiyon sa ilalim ng EDCA, at umiigting na militarisasyon ng mga militar ng US sa iba’t ibang bahagi ng rehiyon hanggang sa mga isla nito.

Habang pinapatay sa gutom at karukhaan ang mamamayan, pinapakain, inaarmasan at winaldas ng gubyrno ang pera ng taumbayan para sa libu-libong dayuhang kalahok sa US-RP Balikatan

Exercises. Sa halip na patubig at irigasyon, bala ng mga kanyon, bomba at misayl ang ipinapaulan ng estado mula sa mga fighter jet, howitzer at iba pang kagamitang pandigma. Sa halip na mga eskwelahan at ospital ang itinatayo sa mga kasuluk-sulukang bahagi ng bansa, base militar at detatsment ng US ang naglipana.

Palaki nang palaki ang banta at peligro sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Pilipino sa sagad-sagad na pangangayupapa ng rehimeng US-Marcos Jr sa imperyalismong US. Hinahayaan nitong makaladkad ang bansa sa imperyalistang gera sa ginagawang pang-uupat ng US laban sa China, habang bahag naman ang buntot nito sa paggigiit ng karapatan at tagumpay ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS).

Habang lumulubha ang krisis ng naghaharing sistema, lalong namumulat at kinikilala ng sambayanang Pilipino ang napakahalagang papel ng Partido Komunista, ng Bagong Hukbong Bayan at ng NDFP, at ang katumpakan at kawastuhan ng pambansa-demokratikong rebolusyon, ng 10-puntong programa ng demokratikong rebolusyong bayan, at ng 12-puntong programa ng NDFP. Naitutulak ang mamamayang api at pinagsasamantalahan na tahakin ang iba't ibang porma ng paglaban upang tuldukan ang kanilang pagdurusa at pagdarahop sa ilalim ng kasulukuyang pahirap, inutil, papet at pasistang rehimeng US-Marcos Jr. Sa harap nito, tumitingkad ang mahalagang papel ng NDFP bilang pinakakonsolidadong bahagi ng pambansang nagkakaisang prente at nagdidiin sa

ibayong pangangailangang palakasin ito ng mga kaanib na organisasyon, mga pakikibakang masa, at rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa buong bansa.

Sa pamamagitan ng NDFP, malawak na kinikilala ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Pilipinas sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan bilang isang makatwirang anyo ng paglaban. Itinaguyod at kinatawan din nito ang interes ng sambayananang Pilipino sa mga usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Pinatampok nito ang makatwirang mga kahingian ng taumbayan at nagbunga ng makabuluhang kasunduan tulad ng CAHRHIL at nabalangkas ang CASER na tunay na tutugon sa kinasadlakang suliraning pang-ekonomya at sosyal ng mamamayan.

Hindi matatawaran ang ginagampanang papel ng NDFP upang tipunin ang lakas ng sambayanan at likhain ang makapangyarihang daluyong ng protesta at paglabang anti-imperyalista, antipasista at antipyudal. Ang NDFP rin ang kumakatawan sa Demokratikong Gobyernong Bayan (DGB) na itinatayo mula sa binhi ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas baryo, interbaryo, munisipalidad at inter-munisipalidad sa saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka.

Ipinupursige nito na kilalanin ng ibang mga gobyerno at internasyunal na kapulungan ang pag-iral ng NDFP bilang isa pang gubyerno sa bansang Pilipinas. Sa mahigit limang dekada, mahusay itong nagbubuo ng pang-ekonomiya,

pampulitika, pangmilitar at proto-diplomatikong relasyon sa iba't ibang identidad at nagsisikap na mabigkis ang pagkakaisa sa mga hanay ng mga pwersang anti-imperyalista sa buong mundo.

Sa pagtindi ng gerang agresyon at panghihimasok ng US sa iba't ibang mga bansa lalo na sa Pilipinas, dapat itatag ang pinakamalapad na nagkakaisang prenteng anti-imperyalista upang labanan at biguin ang pagsiklab ng imperyalistang gera. Dapat na ilantad at labanan ang tangkang biyakin ang malawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino sa malisyosong paghahati para sa maka-US o maka-China na panig at sentimyento. Pareho silang imperyalista, at parehong yumuyurak sa soberanya ng bansa.

Dapat ilantad ang pakana ng US na sakyan ang publisidad at usapin sa WPS upang bigyang-matwid ang kanyang panghihimasok sa bansa. Dapat na wakasan ang panghihimasok militar nito at pag-uudyok ng gera laban sa China. Dapat na ilantad at igiit ang paglalansag sa mga base militar ng US sa Pilipinas, pagpapawalambisa sa mga tagibang na kasunduang militar sa US, pagwawakas sa mga war games at pagpopondo at pagsustena ng kagamitang pangmilitar ng US sa operasyong kontra-insurhensiya sa bansa. Sa kabilang panig, dapat ding igiit ang karapatan ng Pilipinas at mga mangingisdang Pilipino sa WPS, lansagin ang mga pasilidad militar ng China at wakasan ang pandarambong nito sa mga rekurso at yamang karagatan ng bansa.

Dapat na ilantad at ihiwalay ang pangkating Marcos-Duterte na kapwa sagagsaring tuta ng

dayuhan. Dapat na itakwil sila ng mamamayang Pilipino sa harap-harapang pagsuko nila sa soberanya at kasarinlan ng bansa sa mga imperyalistang amo. Pareho silang inutil, korap, pahirap at pasista, at kapwa ganid sa kapangyarihan.

Dapat din buklurin at kunin ang simpatya at suporta ng pinakamalawak na hanay ng mamamayan para sa mga pang-ekonomikong pakikibaka tulad ng tunay na reporma sa lupa, umento sa sahod, paglaban sa mga neoliberal na patakaran at mga mapandambong at mapanirang mga proyekto na pumapatay sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Dapat na palakasin ang anti-pasistang pakikibaka upang ilantad ang terorismo ng estado, paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at iugnay ang mga pakikibakang ito sa tulak ng agresibong neoliberalismo.

Dapat na masigasig na itaguyod at ipalaganap ang 12-puntong programa ng NDFP sa lahat ng anyo. Ipopularisa ang CASER sa malawak na masa bilang solusyon sa kasalukuyang pagsasamantala at pasakit na mga patakaran at programa ng reaksyunaryong gobyerno. Dapat itambol at igiit ng malawak na mamamayan ang pangangailangan at kakagyatang tupdin ng GRP ang mga kinakailangang hakbangin upang pormal na magbukas ang usapang pangkapayaan.

Dapat na tipunin ang malawak na suporta para sa digmang bayan at demokratikong rebolusyong bayan. Dapat na muling palakasin ang armadong pakikiba sa pamamagitan ng pagrerekrut mula sa

mga manggagawa, kabataan, kababaihan, propesyunal at iba pang mga demokratikong uri at sektor.

Dapat na ubos-kayang buklurin ang sambayanan sa batayan ng pambansa-demokratikong programa na nakatuon sa pagpapabagsak sa imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo—ang ugat ng kahirapan ng mamamayang Pilipino. Ito ang nagbibigay alab sa damdamin ng mamamayan upang wakasan ang daan-taong pambubusabos at pang-aapi. Mitsa ito upang muling dumaluyong ang paglaban at dalhin ang bayan sa bagong kabanata ng pagsulong at kaunlaran.

Buong-kapasyahang tumugon at itinataguyod ng NDF-CV ang kilusang pagwawasto, matamang itinataguyod at pinaghahalawan ng aral ang mga natukoy na pagkakamali, pagkukulang at pag-atras sa nagdaang mga taon. Nagsisilbi itong gabay at tanglaw upang pag-ibayuhin ang determinasyon ng NDF-CV at ang mga kaanib na organisasyon nito na tanganan at balikatin ang mabibigat na tungkulin sa paglulunsad ng mga pakikibakang demokratiko at patriyotiko sa darating na mga panahon. Sa pamamagitan nito, tiwala ang NDF-CV sa muling pagdaluyong ng kilusang masang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista sa buong Lambak ng Cagayan. Lalo nitong paglalagablabin ang rebolusyonaryong alab at optimismo ng sambayanang lumalaban at sa ibayong pagsulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay.

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines! Mabuhay ang Bagong Hukbong

Bayan! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

**Ipaglaban ang mga demokratikong interes ng mamamayang Pilipino!
Ipagtanggol ang pambansang soberanya ng Pilipinas at labanan ang imperyalistang giyera!**

Abril 24, 2024

ARMAS (Artista at Manunulat ng Sambayanan), KAGUMA (Katipunan ng Gurong Makabayan), CNL (Christians for National Liberation), MASAPA (Makabayang Samahang Pangkalusugan), LAB (Liga ng Agham para sa Bayan), LUMABAN (Lupon ng Manananggol para sa Bayan), RCTU (Revolutionary Council of Trade Unions), KM (Kabataang Makabayan), MAKIBAKA (Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan), MKP (Makabayang Kawaning Pilipino), KASAMA (Katipunan ng mga Samahang Manggagawa), Compatriots Philippines, at PSMT (Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper)

Isang mainit na rebolusyonaryong pagbati ang ipinababatid ng mga nakalagdang organisasyon sa ika-51 anibersaryo ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas! Sa araw ng pagkakatatag ng NDFP, ipinagdiriwang natin ang pinakadalisay na interes ng mamamayan na makamit ang tunay na pambansang paglaya at demokrasya sa pamamagitan ng magiting at

buong-lakas na pagsusulong demokratikong rebolusyong bayan tungo sa sosyalistang konstruksyon!

Walang kapantay na pagbulusok at pagkabulok ng kapitalistang sistema ang nasasaksihan at nararanasan sa buong mundo. Lalong sumasahol ang krisis ng labis na produksyon buhat ng walang kapantay na pagkaganid sa supertubo ng mga kapitalista. Sa isang banda, lalong nalulubog sa kumunoy ng kahirapan at matinding pagsasamantala ang mga manggagawa at iba pang aping-uri. Niraragasa ang mga ito ng pagsirit ng presyo ng mga bilingin at kawalan ng batayang serbisyong sosyal habang pigang-piga ang lakas paggawa ng mga manggagawa kapalit ang barya-baryang sahod.

Tumatalim at lumalalim ang mga saligang kontradiksyon ng kapitalismo na dumudulo sa napipintong pagsiklab ng panibagong inter-imperyalistang digmaan sa pangunguna ng Estados Unidos. Sa harap ng napakalawak na paglaban ng mamamayan sa iba't ibang panig ng mundo laban sa henosidyong gawa ng US-Israel sa mga Palestino, at sa papatalong laban ng tuta nitong rehimeng Zelensky sa gerang Russia at Ukraine, pinatitindi naman ng imperyalismong US ang pang-uupat ng gera laban sa China gamit ang Pilipinas, Taiwan, at iba pang isla na kabahagi ng first island chain.

Kinakaladkad ng US at ng papet na rehimeng Marcos, Jr ang Pilipinas sa inter-imperyalistang gera na wala namang interes at ganansya ang mamamayang Pilipino, at ang masahol pa, tayo

ang papasan ng lahat ng mga pinsala at sakripisyo. Ginagawang isang malaking imbakan ang Pilipinas ng sari-saring mga armas at makinaryang panggera ng US at isinusubo ang mga kababayang mangingisda at ang coast guard sa mga kiskisan laban sa mga tauhan ng Tsina sa West Philippine Sea. Lahat ng ito ay bahagi ng pang-uupat ng US sa Tsina na maunang bumunot ng baril, pasiklabin ang giyera, at bigyang-katwiran ang panghihimasok nito sa bansa sa tabing ng Mutual Defense Treaty (MDT).

Lalo namang nagiging agresibo ang Tsina sa pag-angkin sa West Philippine Sea. Patuloy ito sa paggamit ng mga “gray zone” tactics upang itaboy ang mga pwersang Pilipino at mga mangingisda mula sa sariling katubigan ng Pilipinas.

Ano ang ginagawa ng rehimeng Marcos Jr. sa gitna ng lahat ng ito? Ibayong nagpapakatuta sa imperyalistang Estados Unidos at pinapasahol ang mala-kolonyal at mala-pyudal na katangian ng Pilipinas. Liban sa paglalagay sa bansa sa gitna ng girian ng US at Tsina, lalong ibinuyangyang ng rehimeng US-Marcos Jr ang ekonomiya sa mas masasahol na mga neoliberal na patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon, at denasyunalisasyon.

Pinasisidhi nito ang pyudal na pagsasamantala sa anyo ng malaganap na kawalan ng lupa dahil sa pagpapasok ng mga malalaking dayuhang minahan at agri-korporasyon na kumakamkam sa mga lupain at sumisira sa mga kabundukan. Kasabay ding dinaranas ng mga magsasaka ang epekto ng matinding El Niño, na hindi

tinutugunan ng rehimen. Upang tiyakin pa ang interes ng dayuhan, patuloy na niraratsada ang economic charter change upang walang taning na makapagpasok ng mga investment ang mga dayuhang negosyante sa ilang mga pinaka estratehikong industriya ng bansa.

Ito ang puno't dulo ng interes ng Estados Unidos, ang panatilihin ang konsentrasyon ng kapital at hegemonya sa rehiyon ng Asya-Pasipiko at sa buong mundo.

Sa ganitong kalagayan, lalong mas nagiging makatwiran at makatarungan ang pagsusulong ng mamamayang Pilipino ng totoong pambansang paglaya at demokrasya sa pamamagitan ng armadong pakikibaka! Ang tunay na paglaya natin mula sa tanikala ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo ay nasa ating pag-aaklas at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan! Walang palya ang mga nagdaang papet na rehimen, kahit ang rehimeng US-Marcos sa pagtutok ng lakas ng reaksyonaryong armadong pwersa sa pagsupil at pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Ginagawa lamang nilang katawa-tawa ang kanilang mga sarili! Sa kabila ng mga pinatinding focused military operations, harassment, intimidation, killings at iba pang porma, patuloy na nagbubuo ng mga bagong base at OKP ang Partido at ang Hukbo, katuwang ang mga organisasyon ng NDFP. Patuloy na lumalaganap ang apoy ng paglaban sa kanayunan at dumarami ang desididong pabagsakin ang imperyalismo,

pyudalismo at burukrata kapitalismo at itaguyod ang sosyalistang bukas!

Sa harap ng napipintong pagsiklab ng panibagong inter-imperyalistang digmaan, tinatawagan ang lahat ng mga mabubuting anak ng bayan, mga manggagawa, kawani, kabataan, kababaihan, kaguruan, mga siyentista, mga propesyunal, at lahat ng mga patriyotiko at makababayang Pilipino na tumindig laban sa pagsasamantala ng mga imperyalistang US, mga panginoong maylupa, malalaking burgesya, at mga burukrata-kapitalista! Kailangang buuin ang pinakamalawak na hanay ng sambayanang Pilipinong magtatanggol sa soberanya ng bansa at kapakanan ng mamamayan. Pangunahin na riyang ubos-kayang pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang lihim na direktang umaambag at sumusuporta sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Dapat nating pagsikapan ang pagpapadala ng mas maraming mga bagong mandirigma, giya sa politika, at mga opisyal ng hukbo mula sa hanay ng mga manggagawa at petiburgesya.

Habang sa kalunsuran, dapat ubos-kaya ring magmulat, mag-organisa, at magpakilos ng pinakamarami at malawak na bilang ng mga manggagawa, kabataan, kababaihan, kaguruan, at iba pang mga panggitnang pwersa upang buuin ang malapad at malawak na kilusan ng mamamayan laban sa patuloy na pangangayupapa ng rehimen sa US, at laban sa pasistang panlulupig sa mamamayang nakikibaka.

Mula sa panahon ng Katipunan hanggang sa modernong panahon ng Bagong Hukbong Bayan, nagpakita ang mga Pilipino ng kagitingan sa paglaban para sa tunay na kasarinlan at demokrasya. Isulong natin ang bagong tipo ng rebolusyon ni Bonifacio! Gapiin ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo at kamtin ang tunay na kalayaan! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan tungo sa sosyaslistang lipunan!

Labanan ang interbensyong militar at pang-uupat ng gera ng US! Tutulan ang pananakop ng China sa West Philippine Sea! Palawakin at palaparin ang rebolusyonaryong kilusang lihim! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan ! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan tungo sa ibayong mas mataas na antas!

Opisyal na pahayag ng RCTU-Laguna para sa ika-51 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines

Abril 24, 2024

**Teodoro Miguel, sSpokesperson
Revolutionary Council of Trade Unions-
Laguna**

Isang nag-aalab na pagbati ang ipinaabot ng rebolusyonaryong konseho ng mga manggagawang Lagunense sa National Democratic Front of the Philippines sa ika-51 anibersaryo nito. Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay sa tunay na nagbubuklod sa pagkakaisa ng masang anakpawis! Ang inyong

pananagumpay sa loob ng limang dekada ay nagsisilbing tanglaw sa mga rebolusyonaryong manggagawa sa Laguna sa pag-aambag sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon ng mamamayang Pilipino.

Lubos na hinahangaan at binibigyang pugay ng RCTU-Laguna ang NDFP sa walang mintis nitong pagsusulong ng lehitimong adhikain ng mamamayan para sa kabuhayan, karapatang pantao at pambansang paglaya. Kinikilala rin ng mga rebolusyonaryong manggagawa sa probinsya ang pagpupursigi at pagiging bukas ng NDFP sa pagsusulong ng usapang pangkapayaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas bitbit ang interes ng batayang sektor ng lipunan. Kabaligtaran ito sa ginagawa ng GRP na lantarang ibinabandila ang interes ng imperyalistang US at Tsina.

Sa puntong ito, iginagawad ng RCTU-Laguna ang pinakamataas na pagpupugay kina Jose Maria “Ka Joma” Sison, Benito “Ka Laan” Tiamzon, Wilma “Ka Bagong Tao” Tiamzon, Josephine “Ka Sandy” Mendoza, at iba pang mga rebolusyonaryong martir na nag-alay ng buong buhay, lakas at talino para pamunuan ang masang anakpawis sa pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Ang inyong mga ambag sa larangan ng pakikidigma ay magsisilbing gabay sa pagpapatuloy ng rebolusyong Pilipino. Gayundin ang mga magigiting na bayani ng probinsya na sina Jeramie “Ka Ash” Garcia, Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito, at Abigael “Ka Laura/Ka Esang” Bartolome, at iba pang mga Pulang mandirigma

na nag-alay ng buhay at talento para sa pambansang paglaya. Pulang saludo!

Makatarungan ang maghimagasik at piliin ang landas ng armadong rebolusyon. Sa kabila ng patuloy na pag-iral ng mababang antas ng pasahod sa probinsya, kontrakwalisasyon at papatinding pasismong atake sa hanay ng mga unyonista, binibigyan nitong katwiran ang kahalagahan ng papel ng uring manggagawa sa pangunguna sa DRB na tanging dudurog sa imperyalismo na pangunahing nagpapahirap sa mamamayan.

Samantala, sagad naman sa pagiging inutil si Marcos Jr. sa pagsabi nitong tatapusin ng kanyang rehimen ang deka-dekada na pagkakaisa ng rebolusyonaryong pwera sa kalunsuran at armadong paglaban ng mga mamamayan sa kanayunan. Isang malaking katatawanan ang paggamit nito sa mga bayarang AFP at PNP upang subukang gupuin ang Bagong Hukbong Bayan. Gaya ng kaniyang diktador na ama, walang ibang patutunguhan ang mga hakbangin ni Marcos Jr. kundi sa landas lamang ng kabiguan. Mananatiling matatag at buhay ang Pambansa Demokratikong Kilusan sa kalunsuran man o kanayunan dahil ang kronikong krisis, mismong estado at ang mga imperyalistang pagdambong ng US at Tsina sa likas na yaman ng bansa at lakas paggawa ng mga manggagawa ang nagpapatunay na wala nang ibang landas kundi landas ng rebolusyon.

Bilang pagtalima sa kilusang pagwawasto sa pangunguna ng dakilang Partido, sinsikap ng mga

rebolusyonaryong pwersa ng mga manggagawa sa Laguna ang mahigpit nitong pagtangan sa batayang linya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pundasyon sa patuloy na paglalapat ng DRB sa konteksto ng kilusang paggawa, at pagpapaunlad ng mga pagtatasa at paglalom tungo sa mas maunlad at epektibong praktika.

Sa gayon, bitbit ang mga aral at inspirasyon mula sa mga tagumpay ng rebolusyong Pilipino sa nagdaang limang dekada, palalaganapin ng mga rebolusyonaryong manggagawa at mga organisador sa probinsya ang tunay na unyonismo sa pamumuno ng Partido upang matiyak ang direktang pag-aambag nito sa DRB. Lalo't higit, palalakasin pa nang sampung ulit ang pagrerekluta sa Rebolusyonaryong Kilusang Lihim tungo sa pagtatayo ng mga Pulang Brigada Manggagawa sa mga komunidad at pagawaan na magsisilbing di natutuyong balon ng mga manggagawang magpapasyang sumampa sa kanayunan at pamunuan ang landas ng armadong paglaban bilang mga miyembro ng Bagong Hukbong Bayan na susi sa pagpapalaya ng bayan mula sa kawing ng Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata-Kapitalismo!

Mabuhay ang Pambansang Nagkakaisang Prente ng Pilipinas! Mabuhay ang rebolusyong Pilipino! US-China Out Now!

Pagkaisahin ang pinakamaraming bilang ng masang magsasaka at anakpawis ng Ilocos para sa demokratikong rebolusyon ng bayan! kamtin ang mas malalaking tagumpay sa ika-51 anibersaryo ng NDFP!

Abril 24, 2024

Julian Sadiri, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Ilocos

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Ilocos Region sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagdiriwang nito ng ika-51 taon ng kaniyang pagkakatatag. Pinakamataas ding pagsaludo ang aming iginagawad sa lahat ng martir ng NDFP na naglaan ng lakas, dunong at buhay para sa pag-abante ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Ang pagbulusok at pagkabulok ng sistemang imperyalismo ay kaakibat ng makasaysayang paghihirap, pagsasamantala at pandarahas sa mamamayan ng daigdig. Kaya naman, ang kasalukuyang krisis pampolitika at pang ekonomiya ng Pilipinas ay nagbibigay daan sa napakainam na kundisyon para sa pagsulong ng proletaryong rebolusyon.

Sa rehiyon ng Ilocos, daan taon nang napagsasamantalahan ang mga magsasaka sa kapitalistang tulak ng pagtanim ng tabako. Mula

noon hanggang ngayon, ang tabako ay ineexport para sa pandaigdigang merkado at wala itong idinudulot na pag-unlad sa buhay at kabuhayan ng masang magsasaka, kundi pinagkakakitaan lamang ng mga monopolyo kapitalista, malaking burges kumprador at panginoong maylupa.

Maliban sa tabako, ang pagtatanim ng palay, mais, at gulay sa rehiyon ay katatangian din ng mala-pyudal na pagsasamantala. Ang makitid na kalupaang hiwa-hiwalay ay monopolyong pag-aari ng mga malalaking pamilya ng panginoong maylupa na siya ring nakaupo sa reaksyunaryong gobyerno. Laganap ang usurang iniikutan na lamang ng buhay-produksyon ng mga pesante. Hindi kailanman natatapos o nauubos ang utang ng masang anak-pawis dahil sa taas ng interes, kamahalan ng mga bilingin at mababang presyuhan ng kanilang produkto.

Ang mga tulong at suporta mula sa reaksyunaryong gobyerno ay kulang na kulang at sa maraming pagkakataon ay napupunta sa kanilang mga bulsa ang pondo. Ang RA 7171 o ang pondong mula sa excise tax sa tabako ay hindi tinatamasa ng magsasaka ng tabako. Ito ay ibinubulsa ng mga lokal na pulitiko at nagagamit sa pagpapabango para sa eleksyon kagaya ng pagpapatayo ng mga imprastrukturang walang direktang serbisyo sa produksyon ng tabako. Tampok na anomalya sa RA 7171 ay ang pagbili ng dating gobernadora ng Ilocos Norte na si Imee Marcos ng 110 minicab na walang kapakinabangan ang magsasaka ng tabako.

Samantala, ang mga mangingisda sa Ilocos ay nakararanas ng matinding paghihirap. Hanggang sa kasalukuyan ay napakaatrasado ng kanilang kagamitan sa produksyon. Kasabay pa ito ng pagdami ng mga commercial fishing vessels sa Lingayen Gulf na humahakot ng tonetoneadang isda sa araw-araw. Sa tuloy-tuloy na pagtaas ng presyo ng krudo, halos wala nang kinikita ang mga mangingisda.

Kalakhan sa mga mangingisda sa Ilocos ay walang sariling bangka dahil sa kamahalan ng pagpapagawa nito. Kaya sila’y nakikipangisda lamang o pumapasok sa iba’t-ibang tipo ng hatian. Hindi rin tuloy-tuloy na nakakapangisda dahil depende ito sa kalagayan ng baybay. Sa panahon ng mga bagyo at habagat ay bihira ring makapalaot. Kaya’t walang katiyakan ang kanilang kabuhayan.

Ang mga patakaran ng gobyerno ay higit na nagbibigay ng restriksyon sa mga mangingisda. Halimbawa nito ay ang zoning. Limitado lamang ang erya ng katubigan na pinapahintulutang pangisdaan ng mga maliliit na mangingisda habang hinahayaan ang mga commercial fishing vessels na malayang makapangisda sa kalaot-laotan. Kailangan din iparehistro ang mga bangka na nagkakahalaga ng ₱1,000 hanggang ₱ 1,500 para sa tatlong taon. Dagdag gastusin pa ito sa maliliit na mangingisda na wala pa ngang ₱300 ang kinikita sa araw-araw.

Nagiging banta rin sa kabuhayan ng mga mangingisda ang mga eksplorasyon ng mina sa baybayin ng Rehiyon. Pangunahing black sand o

magnetite ang nais minahin ng mga kompanya, na nagdulot na ng coastal erosion sa maraming mga komunidad. Sa pagpapalawig ng turismo, naaapektuhan din ang mga fishing communities dahil sila ay pinapaalis upang makapagpatayo ng mga resort, hotels at restaurant, kapalit ng mas mahalagang produksyon ng pagkain para sa lipunan.

Sa kasalukuyan, isang matinding banta sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Ilokano ang tumitinding tensyon sa West Philippine Sea. Pinagaagawan ng mga imperyalistang bansa na China at US ang katubigan sa bahaging ito ng timog silangang Asya. Mayaman sa rekursong dagat ang bahaging ito at isang susing ruta para sa kalakalan. Kailangan ito ng China upang mapalakas ang kaniyang pang-ekonomiyang kapangyarihan. Sa kabilang banda, kailangang pigilan ng US ang Tsina sa ekspansyon nito sa pamamagitan nang pang uupat ng gyera. Sa paglulunsad ng gyera ay gugulong ang ekonomya ng US dahil ito ang pangunahing nitong industriya.

Ang probinsiya ng Ilocos Norte ang magiging frontline ng digmaang ito sa kalagayang pumutok. Walang malinaw na plano at walang pakialam si Marcos Jr. at ang kaniyang angkang nakaluklok sa magiging epekto sa buhay at kabuhayan ng kanilang mga kababayan. Patuloy silang nagpapakatuta sa dikta ng US at malinaw na pumapanig sa pang-uudyok nito ng gyera. Ang pagpayag niya sa muling paglulunsad ng Balikatan at ang pagpaparami ng EDCA sites, na mayroon

na rin sa Ilocos Norte, ang mga malinaw na itsura ng pagpapakatuta ng angkang Marcos.

Marami nang mga tagumpay na nakamit ng mamamayan ng Ilocos region kasama ng PKM-Ilocos at iba pang organisasyon sa ilalim ng NDFP. Mayroon ding mga naging kahinaan at pag-atras ngunit ang obhetibong kalagayan sa Rehiyon ang naglalalatag ng matabang lupa para sa rebolusyon. Sa gitna ng naka- ambang inter-imperyalistang digma at bumubulusok na krisis panlipunan, tanging ang demokratikong rebolusyon bayan ang may malinaw na programa at tunguhin para sa masang magsasaka at mangingisda. Ngayon ang panahon upang magtipon, mag-aral at magpakilos ng daan daan. Pagkaisahin ang pinakamaraming bilang ng mga aping mamamayan sa ilalim ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan.

Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!

[Iloco Translation]

Pagkaykaysaen ti kaaduan a bilang ti masa a mannalon ken anakling-et ti Ilocos para iti demokratiko a rebolusyon ti umili! Gun-oden ti dakdakkal a balligi iti maika-51 anibersaryo ti NDFP!

Abril 24, 2024

**Julian Sadiri, Spokesperson
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Ilocos**

Kangatuan a pammadayaw ti idandanon ti Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) - Ilocos Region iti National Democratic Front of the Philippines (NDFP) iti panagrambak na iti maika 51 a tawen ti pannakaibuangay na. Kangatuan met a panagsaludo ti idatdaton mi iti amin a martir ti NDFP a nangipaay ti pigsang, laing ken biag para iti panag-abante ti demokratiko a rebolusyon ti umili.

Ti panagsuwek ken pannakabulok ti sistema nga imperyalismo ket kagiddan ti istorikal a panangparigat, panaggundaway ken panangranggas iti umili ti sangalubongan. Isu a ti agdama a krisis iti pulitika ken ekonomiya ti Pilipinas ket mangrukruk-at iti dalan iti nakasaysayaat a kundisyon iti panagabante ti demokratiko ken proletaryo a rebolusyon.

Iti rehiyon Ilocos, gasut a tawenen a magungundawayan dagiti mannalon iti kapitalista a duron ti panagmula ti tabako. Manipud idi agingga ita, ti tabako ket mailuluwas para iti sangalubongan a merkado ken awan ti maipapaay daytoy a panagdur-as iti biag ken pagbiagan ti masa a mannalon, nu di ket pagganganansyaan laeng dagiti monopolyo kapitalista, dadakkel a burges kumprador ken apo't daga.

Malaksid iti tabako, ti panagmula ti pagay, mais ken nateng iti rehiyon ket naipasidong iti malapyudal a panaggundaway. Ti akikid a kadagaan a nasinasina ket monopolyo a sanikua dagiti dadakkel a pamilya ti apo't daga a nakatugaw met laeng iti reaksyunaryo a gubyerno. Nasaknap ti usura a pagtaytayyekan laeng ti biag iti produksyon dagiti pesante. Iti kaanoman ket

saan a malmalpas wenno maib-ibus ti utang ti masa nga anakling-et gapu iti kinangato ti interes, kinangina dagiti magatgatang ken nababa a presyo ti produkto da.

Dagiti tulong ken suporta manipud iti reaksyunaryo a gubyrno ket palalo nga agkurkurang ken iti adu a gundaway, ti pondo ket mapmapan laeng iti bulsa da. Ti pondo manipud iti excise tax ti tabako a napataud manipud iti linteg nga RA 7171 ket saan a sagsagrapien ti mannalon ti tabako. Daytoy ket ibulbulsa dagiti lokal a pulitiko ken maar-aramat a pagpabanglo da iti eleksyon kas ti panagpatakder kadagiti imprastraktura nga saan a direkta nga agserserbi iti produksyon ti tabako. Nalatak nga anomalya iti RA 7171 ket ti panaggatang ti dati a gobernadora ti Ilocos Norte a ni Imee Marcos ti 110 a minicab a saan a nagnumaran ti mannalon ti tabako.

Kabayatan na, dagiti mangngalap iti Ilocos ket makapadpadas ti nakaro a panagrigat. Agingga iti agdama ket nakaat-atrasado dagiti ramit da iti produksyon. Kagiddan pay daytoy ti panagadu dagiti commercial fishing vessel iti Lingayen Gulf a mangkalkalap iti tone-tonelada nga ikan iti inaldaw. Iti tuloy-tuloy a panagngato ti presyo ti krudo, dandani awan ti masapulan ti mangngalap.

Kaaduan kadagiti mangngalap iti Ilocos ket awanan bukod a bangka gapu iti kinangina ti panagpaaramid ditoy. Isu a makikalkalap da laeng wenno sumsumrek iti nadumaduma a tipo ti bingayan. Saan da met a tuloy-tuloy a makapagkalap gapu ta agdepende iti kasasaad ti baybay. Iti panawen ti bagyo ken habagat ket

manmano da a makatapog. Isu nga saan a sigurado ti pagbiagan da.

Dagiti patakaran ti gobyerno ket ad-adda a mangmangted ti restriksyon kadagiti mangngalap, kas koma ti zoning. Limitado laeng ti erya ti kabaybayan ti mapalubosan a pagkalapan dagiti babassit a mangngalap bayat a mabaybay-an dagiti commercial fishing vessel a nawaya nga agkalap iti taaw. Kasapulan met a mairehistro dagiti bangka da nga aggatad ti ₱1,000 agingga ₱ 1,500 para iti tallo a tawen. Nayon a gastos daytoy ti mangngalap a nababbaba pay iti ₱300 ti masapulan na iti inaldaw.

Pangta met iti pagbiagan dagiti mangngalap dagiti eksplorasyon ti minas iti kabaybayan ti rehiyon. Kangrunaan a black sand wenno magnetite ti kayat a minasen dagiti kumpanya, a nangitundan ti coastal erosion iti adu a komunidad ti Ilocos. Iti panagtultuloy ti turismo, naapektaran met dagiti komunidad ti pagkalapan gapu ta mapadpadisi da para kadagiti resort, hotel ken restaurant, kasukat ti napatpateg a produksyon ti taraon para iti gimong.

Iti agdama, dakkel a pangta iti biag ken pagbiagan ti umili nga Ilokano ti kumarkaro a tension iti West Philippine Sea. Pagiinnagawan dagiti imperyalista a pagilian a China ken US ti kadanuman iti daytoy a paset ti Southeast Asia. Daytoy a paset ket nabaknang iti rekurso ti baybay ken maysa a kangrunaan a ruta iti linnakuan. Kasapulan daytoy ti China tapno mapapigsa ti bileg na iti ekonomiya. Iti bangir na, kasapulan a lapdan ti US ti China iti panagpalawa daytoy

babaen ti panangparnuay ti gyera. Iti panangisayangkat ti gyera ket agtulid ti ekonomiya ti US gapu ta daytoy ti kangrunaan nga industriya na.

Ti probinsya ti Ilocos Norte ti agbalin a frontline iti daytoy a gubat nu bumtak. Awan ti nalawag a plano ken awan bibiang ni Marcos Jr. ken ti pamilya na a nakatugaw iti agbalin nga epekto iti biag ken pagbiagan dagiti kailian da. Agtultuloy nga agtamtamed da iti diktar ti US ken nalawag a kumankanunong da iti panagparnuay daytoy ti gubat. Ti panagpalubos da iti balbaliw a panangisayangkat ti Balikatan ken ti panagpaadu ti EDCA site, nga adda metten iti Ilocos Norte, ti nalawag a ladawan ti panagpakaaso-aso ti pamilya a Marcos.

Adun a balligi a nagun-od ti umili ti Ilocos karaman ti PKM-Ilocos ken dadduma pay a timpuyog iti sidong ti NDFP. Adda met dagiti pagkapuyan ken panagsanud, ngem ti obhetibo a kasasaad ti rehiyon ti mangiyap-aplag ti nadam-eg a daga para iti rebolusyon. Iti tengnga ti nakalayay nga inter-imperyalista a gubat ken agsusuwek a krisis ti kagimongan, ti laeng demokratiko a rebolusyon ti umili ti addaan nalawag a programa ken direksyon para iti masa a mannalon ken mangngalap.

Tatta ti panawen tapno agurnong, agadal ken agpatignay iti ginasgasut. Pagkaykaysaen ti kaaduan a bilang ti maidadanes nga umili iti sidong ti demokratiko a rebolusyon ti umili.

Agbiag ti National Democratic Front of the Philippines!

Resist the neoliberal and militarist imperialist offensive! Strengthen the united front for national democracy!

Abril 24, 2024

**Bayani Obrero, Spokesperson
NDF-Negros Island**

The revolutionary forces and revolutionary mass organizations on Negros Island commemorate the 51st founding anniversary of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) with utmost zeal and optimism, determined more than ever to topple the semi-colonial and semi-feudal grip of imperialism in cahoots with local feudalism and bureaucrat capitalism.

Negrosanons are increasingly enraged over the worsening crises brought about by the imperialist neoliberal agenda on top of the El Niño phenomenon. Both multinational companies and local big compradors owning destructive mining and quarry operations, solar farms, ecotourism, export-oriented agribusiness ventures, among others, continue to displace Negrosanon peasant communities from their land and livelihoods. “Super” and “smart” cities in Bacolod and Dumaguete aim to demolish urban poor communities and exploit natural resources for profit. The PUV modernization scheme will result to thousands of jobless drivers and impoverished families amid extreme crisis.

As real wages dwindle in value compared to skyrocketing prices of basic goods, the El Niño phenomenon has further unmasked the reactionary government's neglect of Negrosanons. Sugarcane, rice and corn fields and even agricultural work are adversely affected by severe drought while the Marcos regime has done nothing but pump militarization into communities both in cities and the countryside.

As the anti-people onslaught continues, the tiempo muerto has become a perennial ordeal for majority of the population on the island reliant on the monocrop sugar economy. The AFP, PNP, and NTF-Elcac let loose increasing reactionary violence on the island causing monstrous human rights violations against the poor and oppressed Negrosanons.

The AFP's ludicrous effort to defeat the revolutionary movement after uncountable extended deadlines prove their eagerness to appease their US imperialist master. They are rushing to an impossible target of surmounting the armed struggle that will eventually blow up in their faces.

Furthermore, US imperialism is desperate to impose global hegemony. It is utilizing its cohorts in the AFP to push its rival, China, into "pulling the trigger."

The threat of an inter-imperialist war grows more imminent as the US war machine has ramped up the Philippines and its other allies to engage in saber-rattling to push China until it is brought to

the brink of an armed confrontation. The US is maximizing its neocolonial grip on the Philippines to use it as a military base and cannon fodder against China, while also leeching off the country's rich natural reserves.

Amid this volatile situation, the NDF-Negros and its allied organizations are committed to broadening the united front against imperialism and continue to be at the forefront of the Filipino struggle against monopoly capitalism. At a time of sharpening socio-political crises, the masses must be aroused, organized, and mobilized in millions to resist the neoliberal and militarist imperialist offensive.

The NDFP represents the oppressed and exploited classes and sectors in Philippine society. It strengthens itself and its allied organizations in the cities and the countryside to fight for national liberation and democracy and overthrow the exploitative and oppressive ruling system by means of a national democratic revolution through protracted people's war.

Along with the NPA and through the leadership of the CPP, the NDFP ensures the basic alliance of peasants and workers, the progressive alliance with the petty bourgeoisie, the patriotic alliance with the national bourgeoisie, and maximize the splits in the ruling class. Through this, the broadest number of people will be organized against imperialism, and struggle for national liberation, democracy, and just and lasting peace.

Mangkasanon, Maghalong sa mga Berdugong 62nd IB

Abril 24, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Sa pihak sang grabe nga pag-antus sa kapiot nga pagpangabuhi sang mga mangunguma sa kaumahan tuga sang El Niño, wala man puas ang kakugmat, dislokasyon kag perwisyo nga naaguman sang pumuluyo tuga sang militarisasyon sa Central Negros.

Sa Mangkas o La Carlota City, Negros Occidental, masobra na sa tatlo ka bulan nga militarizado ang mga baryo sang Ara-al kag Yubo sa nasambit nga banwa halin pa sadtong Pebrero 3 hasta subong Abril 24, 2024. Biktima ang mga pumuluyo sang pasistang 62nd IB sa pagpanaka-saka sa mga kabalayan, pagpamahug, interogasyon, pagpugong sa pagkadto sa ila mga uma kag pilit nga pagpatawag kag pagpatambong sa mga pulong-pulong. Masami nagatiner ang militar sa mga buluthuan nga nagperwisyo kag disturbo sa mga manunudlo lakip na ang mga kabataan. Biktima man ang kadam-an sang mga mangunguma sa ginahimo nga curfew sa lugar.

Subong, Abril 24- halos apat ka kolum sang berdugong 62nd IB malapit sa lugar. Makit-an sang nga pumuluyo sa Sityo Nailab, Barangay Ara-al kag Sityo Bai's, Barangay Yubo tanan sang La Carlota City. Samtang may kolum man sang

pasistang tropa sa mga sityo sang Linggahub kag Mercedes tanan sang Barangay Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental.

Sa pihak nga bahin, alas 5:00 sang kaagahon sini nga adlaw, Abril 24 nahisayran sang mga pumuluyo sang Barangay Sebucawan, Isabela, Negros Occidental ang apat ka reo military truck kargado sang kapin sa 60 ka elemento sang mersenaryong tropa ang ginbubo sa lugar. Samtang sini man nga aga, 30 ka single nga motor nga kargado sang tag-duha ka militar upod sa duha ka patrol car sang PNP nga kargado man sang tag-10 ka elemento sang mga kapulisan ang nagapataklad sa Sityo Cuyaoyao, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental.

Abusador kag masupog nga intel, ginsilotan sa NPA

Abril 25, 2024

Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)

Gin-ambusan sang mga operatiba sang Roselyn Jean Pelle Command - Prenteng Gerilya sa norte nga bahin sang Negros sang New People's Army (RJPC-NPA) si Alexander alyas 'Dondie' Alquizar, 54 anyos, isa ka barangay tanod, sa Proper Lagan sakop sa banwa sang Calatrava, Negros Occidental sadtong Abril 20, 2024, alas 5:45 sang aga.

Narekober sang mga Pulang hangaway ang isa ka kalibre .45, duha ka magasin kag mga bala sini halin kay Alquizar matapos ang operasyon.

Masupog nga intel si Alquizar. Chairman siya sang ACT-CIS sa 1st District sang Negros Occidental, isa ka kontra-rebolusyonaryo nga organisasyon. Nagserbe siya nga giya sa operasyon sang #DiMasaligan79IB, diin nakita nga nagdala siya sang matag-as nga kalibre sang armas sa pagransak sa panimalay ni Junjun Maribao sa Purok 4 sadtong Abril 20, 2023, bangud ginpatihan nga nagpasaka sang mga Pulang hangaway.

Malawig na ang kaakig sang mga residente kay Alquizar bangud sa problema nga gindala sini sa ila nga lugar. Tuig 2005, gintudlo si Alquizar sa pagpatay kay Efren Yonson, isa ka opereytor sang hand tractor, bangud naakig si Alquizar, nga helper ni Yonson sadto nga panahon, sang ginhambalan siya nga basbasan anay ang kahon sang talamnan nga ila ginaobra.

Ginreklamo man sang pamilya ang iya pag-angkun sa duta nga gintalauma sang iya step father, diin ang mga anak sa napatay na nga amahan ang wala gid nakaangkon sang duta. Bangud may armas-luthang, gingamit niya ini sa pagpamahug sa pumuluyo kag pagpinalupok. Isa ka insidente panahon sang COVID-19 nga pandemya, ginhambalan si Alquizar ni Maray Dayanan, isa ka maestra sang daycare, nga indi pagasitaon ang mag-agi nga mga estudyante magab-i, ginsabat si Dayanan sang lupok sang armas ni Alquizar.

Ginreklamo man siya sa pagpangawat sang kanding sadtong 2005.

Armado man si Alquizar sang armalite sang nangin giya sang mga pulis nga nag-reyd sa panimalay ni Gaga Bargamiento sa Pulang Yuta, sakop sa amo nga barangay, nga ginpatihan sang mga pulis nga nagpasaka sa NPA. May report man nga gindakop ni Alquizar ang isa ka pamatan-on kag giplanteran sang guba-on nga pusil kag gipasibangdan ang pamatan-on nga isa ka Pulang hangaway. Pirme nga nagagiya si Alquizar sa operasyon kombat sang #DiMasaligan79IB sa sakop sang Barangay Laga-an.

Bangod sa iya krimen sa pumuluyo kag aktibidad kontra-rebolusyon, ginduso sang pumuluyo nga masilotan sang NPA si Alquizar.

Sa tunga sang kalamidad sang El Niño, militarisasyon, kag kaninit sang obra kag palangabuhian, ang mga pareha ni Alquizar ang nagadugang sa problema nga ginapas-an sang pumuluyo. Indi magpangduha-duha ang mga Pulanag hangaway sa ngalan sa matuod nga pagserbisyo sang pumuluyo sa pagsilot sa mga indi magbag-o nga mga abusador kag masupog nga intel kag iban pa nga mga kriminal. ###

Balikatan 2024: Panggagatong sa apoy ng inter-imperyalistang digma sa South China Sea

Abril 25, 2024

Leona Paragua, Spokesperson NDF-Palawan

Mariing kinukundena ng National Democratic Front of the Philippines-Palawan (NDFP-Palawan) ang ika-39 na ehersisyong militar o Balikatan na inilulunsad ngayong Abril 22-Mayo 10 sa kalupaan at katubigang saklaw ng teritoryo ng Pilipinas. Ang pagsasanay na ito, na itinuturing na pinakamalaki sa kasaysayan ay mag-iimbwelto ng 16,700 tropang US at Pilipinas, bukod pa ang mga tropa ng Australian Defense Force at French Navy na lalahok din sa pagsasanay. Liban pa sa kanila, magpapadala rin ng kinatawan ang 14 pang bansa kabilang ang Brunei, Canada, Germany, Great Britain, India, Indonesia, Japan, Malaysia, New Zealand, Republic of Korea, Singapore, Thailand, at Vietnam para magsilbing observer sa ilulunsad na pagsasanay.

Lalamnin ng Balikatan 2024 ang pagsasanay sa seguridad sa karagatan, depensa sa himpapawid at missile, dinamikong mga pag-atake gamit ang missile, cyber defense at mga information operations. Tampok din ngayong taon ang tinatawag nilang Multilateral Maritime Exercises o magkasamang paglalayag sa pagitan ng tropang nabal ng Pilipinas, US at France sa saklaw ng EEZ ng Pilipinas, kabilang ang paligid ng inaagaw na teritoryo ng China sa West Philippine Sea. Kasabay nito, inimbwelto na rin sa pagsasanay ang mga yunit ng Philippine Coast Guard na siyang nagbabantay sa WPS.

Tinukoy mismo ng opisyal ng AFP sa Balikatan na si Col. Mike Logico ang layuning palakasin ang

kakayahan ng mga bansang imbwelto sa interoperability o kakayahang maglunsad ng militar na operasyon nang sabay at magkatuwang. Ibig sabihin, sadyang paghahanda ito ng US sa napipintong pagsiklab ng gera sa rehiyon gamit bilang pangunahing piyon ang tropa ng AFP laban sa China. Mula pa sa Balikatan noong nakaraang taon, makikitang pinapamilyarisa na ng mga tropang US at mga kaalyado nitong bansa ang tereyn, karagatan at himpapawid ng Pilipinas para sa layuning ito. Kalakhan ng gagawing ehersisyong militar ay sa karagatang bahagi ng Palawan hanggang sa Batanes na hilagang bahagi ng bansa at pinakamalapit sa China.

Kasabay ng pagpapalaki at pagpapalakas ng presensya at paghahanda sa mga pasilidad militar ng US sa bansa ang papatindi—sumisinsin at nag-iimbwelto ng paparaming tropang US—ang inilulunsad na mga pagsasanay militar sa bansa sa pamamagitan ng Balikatan. Nagagawa ito ng US dahil sa tahasang pagpapahinuhod ng rehimeng US-Marcos II sa lahat ng naisin ng imperyalismong US—sukdulang iumang sa unahan ng gera ang sambayanang Pilipino. Ni wala itong pagsasaalang-alang sa soberanya ng bansa na walang pakundangang niyuyurakan ng mga imperyalistang US at China. Higit sa lahat, wala itong malasakit sa mga mangingisdang Pilipinong nawawalan ng kabuhayan dulot ng umiigting na militarisasyon ng US at China sa WPS.

Para pagtakpan ang mga kaganapang ito, na kung tutuusi’y matagal nang inirereklamo ng mga mangingisda sa Palawan at Central Luzon, kabi-

kabila ang mga proyektong “ayuda” at pag-aanunsyo ng mga reaksyunaryong ahensya ng gubyrerno ng mga dinoktor na datos kaugnay sa diumano’y pagdami ng mga mangingisdang naghahanapbuhay sa WPS. Ipinagmamalaki rin nila ang napakaliit, at karamihan pa’y limos ng mga internasyunal na institusyon sa pautang na naibibigay nilang tulong umano sa mga mangingisda sa pamamagitan ng LAYAG-WPS at iba pa na selektibo rin lamang at iilan ang naaabot. Gayundin ang mga panghihimasok ng mga tropang Amerikano sa tabing ng mga relief mission at huwad na programang pangkaunlaran ng US sa Palawan.

Ang pinakamalaking kabalintunaan, kuntodo bandilyo ang rehimen gamit ang mga bayarang burgis na midya, sa mga tropa ng PCG na nabibiktima ng mga pag-atake ng tropang Chinese pero tahimik, kibit-balikat o di kaya’y ginagawa pang sinungaling ang mga mangingisdang nag-uulat ng kabi-kabilang harassment ng mga Chinese sa kanila. Higit sa lahat, kibit-balikat ito at karaniwa’y ipinagbubunyi pa ang bawat pambobomba, panganganyon at pamamaril ng mga tropa ng AFP sa kanayunan ng bansa sa tabing ng gera-kontra terorismo na bumibiktima na ng milyun-milyong mamamayan. Sa kabilang banda, tusong ginagamit naman ang kalagayan ng mangingisda para manulsol ng rekrutment sa milisya o pwersang reservist sa hanay ng mga mangingisda at maging pambala sa kanyon ng AFP sakaling pumutok ang gera.

Tiyak na higit na titindi pa ang kahirapang daranasin ng bayan sa maniobrang ito ng US at labis na pagpapakatuta ng rehimeng US-Marcos II. Ang ginagawa nitong panggagatong sa tensyon sa WPS ay maaaring magsindi ng mas maigting na girian na tiyak na hahantong sa gera sa pagitan ng US at China. Tulad ng nangyari sa Ukraine, tiyak na bubuyuhin ng US ang China na maglunsad ng unang pag-atake gamit ang Pilipinas at si Marcos Jr., sa ngalan ng pagdepensa sa sarili at pagmukhain ang US bilang tagapagligtas ng Pilipinas laban sa mga agresibong aksyon ng China sa WPS.

Hindi dapat magpalinlang ang taumbayan sa pagpapanggap ng US bilang tagapagtanggol ng kapayapaan at pulis pangkalawakan. Dapat na alalahanin ang mapanlinlang na “mapagpalang asimilasyon” na pinanghele ng US nang sakupin nito ang Pilipinas sa tabing ng pagtulong dito upang mapalayas ang kolonyalistang Espanyol. Dapat ding alalahanin ang ginawang pag-atras at pag-iwan ng US sa Pilipinas kasama ang papet nitong si Manuel Quezon sa panahon ng pag-atake ng pasistang Japan noong World War II. Sa gitna ng matinding pananalasa ng Japan, magiting itong nilabanan ng mga gerilyang Pilipinong sa pangunguna ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon sa pamumuno ng lumang PKP. Kung babalikan, isa sa mga dahilan ng ginawang pag-atake ng Japan sa Pilipinas ang pagiging kolonya nito ng US at presensya ng tropang US sa bansa.

Dapat labanan ang lahat ng anyo ng pagpapaigting ng panghihimasok ng US sa bansa

sa pamamagitan ng presensya at aktibidad militar nito at iba pang imperyalistang bansa sa ating teritoryo na lansakang yumuyurak sa ating pambansang soberanya at teritoryal na integridad. Kasabay nito, dapat ding patuloy na tuligsain at labanan ang ginagawang agresyon ng China sa WPS, pandarambong ng yaman sa exclusive economic zone at pag-angkin sa mga teritoryong saklaw ng Pilipinas.

Nananawagan ang NDFP-Palawan sa lahat ng Palaweño at mamamayang Pilipino na magbigkis at labanan ang lahat ng tipo ng panghihimasok ng US sa bansa. Sa gitna ng napipintong pagsiklab ng inter-imperyalistang digma sa pagitan ng US at China, dapat na buklurin ang mga patriyotiko at pinakamalawak na hanay ng mamamayan, laluna ang masang anakpawis para ipahayag ang pagtutol sa paggamit sa ating bansa bilang lunsaran ng gera ng US laban sa China. Hikayatin ang mga pulong sa mga komunidad, baryo, barangay, pook-hanapbuhay, eskwelahan, palengke, atbp. kaugnay sa pagsusuri at paninidigan ng mamamayan sa usaping ito. Ilunsad ang malalaki at madadagundong na pagkilos para labanan ang balikatan at iba pang aktibidad militar ng US sa bansa. Kasabay nito, ang mga kakayananing matutunog na opensiba ng BHB laban sa kampanyang panunupil na AFP na sulsol ng imperyalistang US.

Espiya kag asset sang AFP sa Sipalay City, ginsilotan sang NPA

Abril 25, 2024

**Andrea Guerrero, Spokesperson
NPA-Southwest Negros (Armando Sumayang
Jr. Command)**

Hustisya ang naangkon sang pumuluyo sang ginpatuman sang isa ka yunit sang Armando Sumayang Jr Command-New People's Army (ASJC-NPA) ang silot kamatayon kay Jun Habagat sa Sityo Cagay 2, Barangay Camindangan, Sipalay City, Negros Occidental sadtong Abril 24, 2024 alas 9:00 sang gab-i.

Determinado nga ginpatuman sang yunit sang ASJC-NPA ang silot kamatayon bangud sa malawig na nga panahon nga ginareklamo sang pumuluyo ang pagpaniktik ni Habagat sa hulag sang rebolusyonaryong kahublagan kag NPA sa lugar kag direkta nga naga-report sa detachment sa Barangay Camindangan (Bactolon) sa amo nga syudad. Katapuan si Habagat sang Sitio Intelligence Network (SIN) nga ginatanom sang Armed Forces of the Philippines (AFP) agud magaserbe nga ila mata kag dalunggan.

Magluwas sa pagkasupog nga intel kag asset sang AFP, isa man si Habagat sa nagapalapta sang drugas sa nasambit nga sityo kahimbon man ang mga tropa sang AFP nga nagapirmi sa lugar. Lakip ang mga kabataan nga nangin biktima sang paggamit sang shabu. Sila Habagat kag mga militar mismo ang nagapanguna sa pagpalapta sang drogas, pornograpiya kag iban pa nga burges nga kultura nga nagserbe nga hilo sa pamensaron sang pumuluyo.

Indi kaangay nga sundon ang mga gawi ni Jun Habagat.

Ginapanawagan naton sa iban pa nga mga espiya, intel, mga katapo sang Sitio Intelligence Network (SIN), Barangay Intelligence Network (BIN) kag iban pa nga mga grupo sang mga tropa sang AFP kag Philippine National Police (PNP) nga magtadlong na sa ila nga pagpangabuhi kag maghalin sa sina nga malain nga trabaho. Indi ina makatarunganon kag magatuga lamang sang kahalitan sa pangabuhian kag kabuhi sang pumuluyo.

Pagatinguhaan pa sang ASJC-NPA nga masilutan ang mga pinakamasupog nga elemento sang AFP kag PNP agud mapangapinan ang interes sang pumuluyo kag magpabilin ang kalinong sa lugar.###

Kamtin ang sustenableng kaunlaran at malusog na kapaligiran sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon

Abril 25, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson
NDF-Southern Tagalog**

Napapanahon at mahalaga ang paggunita sa Earth Day sa yugtong ito kung kailan pangita at ramdam ng mamamayan ang epekto ng krisis pangkalikasan na idinulot ng monopolyo kapitalismo. Sa halip na yakapin ang burges at artipisyal na pagdiriwang sa Earth Day na pakana ng mga kapitalista, dapat ituon ang okasyon sa

pagsusulong at pagpapalakas ng mga pakikibakang bayan upang pigilan ang pangwawasak sa kalikasan ng imperyalismo at kasabwat nilang naghaharing malalaking kumprador-panginoong maylupa at itaguyod ang sustenableng modelo ng produksyon na kapaki-pakinabang para sa lahat.

Saanmang dako ng daigdig ay ramdam ng mamamayan ang krisis sa kapaligiran. Malaki at biglaan ang pagbabago sa klima dulot ng pagkatipon ng greenhouse gases (GHG) sa atmospera na nagdudulot ng ibayong pag-init ng mundo. Ang walang rendang pagbubuga ng mga industriya ng GHG kasabay ng pagsira ng mga imperyalista sa mga kagubatan, katubigan at sa ekosistema sa pangkabuuan upang huthutin ang mga likas yaman ang pangunahing sanhi ng krisis na ito. Tumindi ang init at lumalakas ang mga bagyo. Natunaw ang mga yelo kaya't umangat ang tubig sa karagatan. Nitong nakaraang dekada, tampok ang pagsiklab ng mga sunog sa gubat, matitinding pagbaha, pagguho ng mga kabundukan at panganib na mawala ang iba't ibang klase ng hayop at halaman.

Malubha ang epekto ng mga penomenong ito sa inaapi't pinagsasamantalang mamamayan. Dadagan ang mga sakuna sa binabata nilang pasakit tulad ng kawalan ng sapat na pagkain, kawalan o kakulangan sa lupa, kawalan ng trabaho, problema sa tirahan, kasalatan sa serbisyong sosyal, at walang humpay na pasismo at panggegera ng mga estado. Sa harap ng grabeng pagdurusa ng masang anakpawis at

napipintong pagkasaid sa yaman ng kalikasan, patuloy ang pandarambong ng mga imperyalistang kapangyarihan sa likas yaman ng mahihirap na bansa at pagpapalawak ng operasyon ng maruruming industriya.

Dito sa Pilipinas, malaki ang pananagutan ng imperyalismong US sa pagkawasak ng kapaligiran at paglala ng mga sakuna. Mabilis nitong sinira ang kapaligiran sa proseso ng pagkuha ng mga yamang mineral, troso at iba pang hilaw na materyales sa panahong direkta nitong okupado ang bansa at hanggang sa ilalim ng mga tutang rehimen nito. Sa pagsisimula ng ika-20 siglo, winasak ng US ang mga kagubatan upang kunin ang mga troso at magtayo ng mga plantasyon. Noong dekada 1950, higit 10 milyong ektarya ng Pilipinas ang nasasaklaw pa ng kagubatan subalit pagdating ng dekada 1990, wala na itong isang milyong ektarya. Sa ilalim ng reaksyunaryo't papet na republika, lumawak ang mga negosyong mina ng US at pinalaganap ang mga mapaminsalang kemikal na pang-agrikultura. Iresponsable ang operasyon ng mga dayuhang kumpanya na nagkalat ng lason sa mga katubigan at kalupaan kahit batid na ang mga ito ang siyang pinagmumulan ng pagkain at inumin ng mamamayan.

Bukod sa US, lubusan ding nandambong at nakinabang ang Japan at China. Nagkakailan ang mga kumpanya ng mina ng Japan na nag-oopereyt sa bansa, habang walanghiya namang hinahakot ng China ang mga buhangin sa dalampasigan ng bansa upang gamiting sangkap ng bakal at

kinokordon ang mayamang karagatang saklaw ng Pilipinas sa West Philippine Sea para kamkamin ang isda at iba pang yamang marino sa rehiyon. Nagtatayo rin ang mga ito ng maruruming planta ng enerhiya at nagtutulak ng mga proyektong “renewable energy” lalo ng mga dam na pipinsala sa ekosistema bukod pa sa palalayasin nito ang mga katutubo’t magsasaka mula sa kanilang lupa. Pinalalawak ang mga proyektong reklamasyon na nagtataboy sa mga mangingisda at nagdudulot ng malulubhang pagbaha.

Sa harap ng sumisidhing krisis ng monopolyo kapitalismo, lalong sumasahol ang pambubusabos ng imperyalismo sa Pilipinas at sa iba pang mahihirap na bansa ng daigdig sa ngalan ng supertubo. Tumatampok din ang kriminal na kapabayaan ng mga papet na estado na isalba ang mamamayan sa harap ng malulubhang sakuna. Hindi masansala ang ibayong pagkawasak ng kalikasan at dulot nitong mga kalamidad dahil sa pagmamatigas ng mga imperyalistang kapangyarihan na tigilan ang pang-aabuso sa kalikasan at pagiging sunud-sunuran ng mga gubyrerno sa mga dayuhang korporasyon.

Nagdurusa ang masang api sa sunud-sunod na mga trahedya, pinakahuli ang pagkasawi ng daang tao sa Maco, Davao de Oro nitong Pebrero at pagkatuyo ng mga pananim dahil sa El Niño. Ginagatungan nito ang naghihimagsik na damdamin ng mamamayan at binibigyang-katwiran ang kanilang paglaban. Sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan at iba pang sektor, tumataas ang kamalayan hinggil sa tunay

na ugat ng krisis pangkapaligiran at ang kinakailangang pagkilos ng bayan upang lutasin ito. Ikinalulugod ng NDFP-ST na mayroon at dumarami ang mga aktibista at samahang nagtataguyod ng adbokasiyang pang-kalikasan na umaayon sa pambansa demokratikong adhikain ng bayan. Nagpupugay rin ang NDFP-ST sa mga pambansang minorya na marubdob na nakikibaka sa lahat ng larangan upang ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno, hanggang humantong sila sa paghawak ng armas at pukpukang makipaglaban sa mga bayarang armadong pwera na utusan ng mga gahaman.

Maaasahan ng mamamayang Pilipino na kasama nila ang rebolusyonaryong kilusan sa pangunguna ng CPP-NPA-NDFP sa pakikibaka para ipagtanggol ang kapaligiran laban sa pananalanta ng imperyalismo. Tunay at konsistente itong nagsusulong ng maka-kalikasang programa at patakaran na nakatanaw sa pagkakamit ng sustenableng kaunlaran sa Pilipinas. Hindi nito pinagbabangga ang pangangalaga sa kapaligiran at paggamit sa likas na yaman upang mag-industriyalisa, bagkus, sinisikap na pagtagpuin ang matalinong paggamit sa mga rekurso at pangangalaga sa kapaligiran at balanse ng ekosistema na mahalaga para sa pangmatagalang pag-unlad ng isang lipunan. Ipinatutupad na nito ang rebolusyonaryong programa sa mga eryang saklaw ng Pulang kapangyarihan batay sa kakayaning antas at nang may demokratikong partisipasyon.

Handa rin ang rebolusyonaryong kilusan na imobilisa ang NPA upang ipagtanggol ang kapaligiran at armadong labanan ang mga mapangwasak na operasyong mina, plantasyon, huwad na proyektong renewable energy at iba pa.

No Red fighters captured in Don Salvador Benedicto

**Cecil Estrella, Spokesperson
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle
Command)**

Abril 25, 2024

Roselyn Jean Pelle Command-New People's Army (RJPC-NPA) calls out #DiMasaligan79IB for spreading malicious propaganda and committing another wave of human rights violations especially against children.

The claim released by #DiMasaligan79IB today that the military with the 1st NOCPMFC of the PNP were able to capture two members of the NPA at Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental is utterly false.

As stated in the rules of the NPA and in International Humanitarian Law, the RJPC-NPA strictly does not accept minors as Red fighters.

All Red fighters under the RJPC-NPA are accounted for. Thus, it is improbable that a Red fighter was captured.

The most deceitful claim is that the RJPC-NPA is dismantled and only remnants are left.

The RJPC-NPA along with the other four guerrilla fronts on the island continue to carry out the revolutionary tasks to advance the people's war.

250-300 nga pasistang tropa sang 62nd IB nagalambiyong sa mga komunidad sang mangunguma sa Central Negros

Abril 26, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Kahapon, Abril 25, alas 3:00 sang hapon— namutikan ang apat ka kolum sang 62nd IB sa boundary sang Vallehermoso kag Guihulngan City tanan sang Negros Oriental. Makit-an ang duha ka kolum sang militar sa Sityo Camonsil, Barangay Hibaiyo kag duha man ka kolum sa mga sityo sang Binakayan kag Bay-ang, tanan sang Barangay Tabon, Vallehermoso.

Kagab-i, Abril 25, may nag-abot man nga tropa militar sa Dityo Mabato, Barangay Talaon, La Libertad, Negros Oriental.

Samtang mentinado ang apat ka kolum sa La Carlota kag La Castellana sa Negros Occidental. Namutikan nga nagapanaka-saka sa mga kabalayan sa mga sityo sang Linggahub kag Mercedes sang Barangay Sag-ang, La Castellana kag Sityo Nailab, Barangay Ara-al subong man sa Sityo Bai's, Barangay Yubo, La Carlota. Halin pa sadtong Abril 22 ang nasambit nga tropa sa lugar.

Mentinado man ang apat ka kolum sang 62nd sa Sityo Cuyawyaw, Barangay Inolingan kag kasikbit nga mga sityo sang Barangay Quintin Remo tanan sang Moises Padilla, Negros Occidental halin pa Abril 24 tubtob subong nga adlaw Abril 26.

Sadtong Abril 17, walo nga nakasibilyan nga tropa sang 62nd IB apang armado sang matag-as nga kalibre sang armas ang nagapanaka-saka sa mga kabalayan sa Sityo Libas, Barangay Imelda, Guihulngan City, Negros Oriental. Pilit nga ginapareport ang mga residente sa 62nd IBPA Bravo Company nga nahamtang sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental. Kadungan sini may kasubong man nga pito ka tropa militar nga nakasibilyan apang armado sang M16 ang nagapanaka-saka man sa mga kabalayan sang mangunguma sa Sityo Binataan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla.

Hinggil sa mga red-tagging poster na nagkalat sa La Union sa ika-51 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines

Abril 26, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Isa na namang kahibangan ng rehimeng Marcos II at ng kaniyang pasistang galamay na AFP-PNP-ELCAC ang mga naipaskil na poster sa mga munisipyo ng Agoo, Aringay, Caba, at iba pang bayan sa La Union nitong nakaraang April 24,

2024, anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Umaga ng April 25 nang namataan ng mga mananakay sa McArthur Highway ang mga sako na may mga black propaganda hinggil sa CPP-NPA-NDFP. Dati na itong taktika ng estado at ginagamit sa red-tagging ng mga legal at lehitimong organisasyong masa. Maging ang mga lider ng mga lehitimong progresibong samahan ng magsasaka at mangingisda sa Rehiyon ng Ilocos ay nabansagan nang terorista at rebelde sa mga poster na ganito.

Nakababahala ang mga ganito dahil ipinapanganib ang buhay ng mga lider masa sa pagtuturing sa kanilang terorista at masasamang elemento ng lipunan.

Higit na nakababahala ay ang isang poster na nagsasaad na “Huwag maniwala sa mga research (sa komunidad)”. Ang esensya ng poster na ito ay babala dahil ang mga research daw na pumapasok sa komunidad ay tabing lamang ng terorismo o rebelyon.

Nakakatawang kung ano-anong mga panlipunang aktibidad ang kanilang nirered tag, kahit ang napakahayag at lehitimong research. Ang research ay bahagi ng siyentipikong pananaliksik ng tao upang higit na maunawaan ang kaniyang kalagayan. Ayaw ba ng estado na maunawaan ng kaniyang mamamayan ang kaniyang tunay na kalagayan at mabigyan ng lunas ang kaniyang mga suliranin? Masama bang mag-research, lalo na sa mga komunidad ng mga magsasaka at

mangingisda, na batbat ng mga suliranin at kahirapan? Laging nagsisimula ang research sa isang problema o nais tuklasin, at hindi ba't ang resulta ng research ay dapat lamang na magbunga ng mga solusyon?

Palagiang nais ng naghaharing rehimen na panatilihin mangmang ang mamamayan upang hindi nito masuri ang kaniyang kalagayan at hindi makita ang kabulukan ng lipunan, sa gayo'y hindi sila mamumulat at kumilos para baguhin ito. Ngunit tayo ay nasa panahon na kahit anong pagtatangkang pagtakpan ang baho, umaalingasaw ang malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, na sanhi ng di maampat-ampat na kahirapan ng sambayanan. Bumubulusok ang imperyalismo at hinahatak tayo sa kaniyang krisis. Walang pag-unlad na maaasahan ang masang anakpawis sa estadong tinatagurian siyang kaaway. Na sa bawat hakbangin niya upang itaguyod ang sariling kagalingan ay binabansagang "akto ng terorismo."

Kinokondena ng NDF- Ilocos ang mga ganitong taktika ng kaaway at nananawagan sa mamamayan na tanggalin ang mga ganitong klaseng black propaganda na ikinakabit nila. Iulat sa mga lokal na rebolusyonaryong organisasyong masa kung may makitang nagkakabit ng mga ganito, piktyuran o videohan.

Walang duda na ang may kagagawan ng mga ito ay ang AFP-PNP at ELCAC sa ilalim ng kanilang kampanyang paninira sa hibang na pangarap na wasakin ang CPP-NPA-NDFP. Ang NDFP na nagdiwang ng kaniyang ika-51 anbersaryo noong

Abril 24, ay tinatangkilik ng masa at ito ang nais ng kaaway na basagin.

Subalit anupamang hibang na hakbangin ang nais nilang gawin, hinding-hindi na nila matatanggal ang mahigpit na pagyakap ng masa sa CPP-NPA-NDFP na kanilang tunay na tagapagtanggol.

Makikaykaysa ti Kabataang Makabayan Ilocos iti panangselebrar iti ika-51 anibersaryo ti National Democratic Front! Agtutubo, palawaen ti NDF! Itandudo ti demokratiko a rebolusyon ti umili!

Abril 26, 2024

**Karlo Agbannuag, Spokesperson
Kabataang Makabayan-Ilocos**

Ipinapaabot ng Kabataang Makabayan Ilocos ang aming pinakamainit na pagbati sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP), kasama ang lahat ng mga organisasyong kaalyado nito, na nagdiriwang ng ika-51 anibersaryo mula sa pagkakatatag nito noong Abril 24, 1973.

Sa loob ng limang dekada, pinagkaisa ng NDFP bilang isang nagkakaisang prente, ang mga rebolusyonaryong kilusan mula sa iba't ibang panig ng bansa at sa iba't ibang sektor para sa rebolusyonaryong hangarin na ipadagundong ang digmang bayan para makamit ang pagtatagumpay ng demokratikong kahilingan ng mamamayan. Mula nang itatag ito, nagsilbi itong sentro ng rebolusyonaryong pagkakaisa sa hanay ng mga

magsasaka, manggagawa, pambansang minorya, kabataan at sa iba pang nakikibakang mamamayan na kamtim ang kinabukasan na malaya mula sa maka-uring tunggalian, pagsasamantala at pang-aapi. Nagsilbi rin itong matibay na pwera para sa pagsusulong ng komprehensibong hakbang ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Ang Kabataang Makabayan, bilang isa sa 18 kaalyadong organisasyon ng NDFP, ay bumabati nang may rebolusyonaryong sigla sa lahat ng mamamayang nakikibaka. Sa kabila ng mga pinakamahihirap na balakid at hindi matutumbasang sakripisyo nito upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, determinado ito sa mithiin na pagpapalaya sa sambayanang api. Ang pagsusumikap nito na umunlad, kapwa sa lakas at bilang, ay patunay sa lumalaking sigla at militansiya ng kabataan upang laksa-laksang tumungo sa kanayunan at umanib sa Bagong Hukbong Bayan (BHB o NPA) at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Sa harap ng tumitinding krisis sa lipunan, pagbagsak ng halaga ng piso at patuloy na pambabarat ng sweldo ng mga manggagawa, kawalan ng sapat na ayuda sa mga magsasaka sa panahon ng napakatinding krisis dulot ng El Niño, patuloy na pagpapakasasa ng dayuhan sa likas na yaman ng Pilipinas at iba pa, tumitingkad ang halaga ng pagsusulong ng 12-Point program ng NDFP bilang rebolusyonaryo at alternatibong solusyon upang tugunan ang mga krisis na ito.

Ito’y magsisilbing gabay at layunin sa pakikibaka ng mamamayan para sa isang malaya, demokratiko, makatarungan, maunlad, at progresibong lipunan.

Pinatunayan lamang ng higit na limang dekada ng CPP-NPA-NDFP at ng buong rebolusyonaryong kilusan na hindi kailanman napigilan ang pagsulong ng rebolusyon at digmaan sa sapolitang pagkulong, walang habas na pamamasalang sa mga lider at mga kasapi ng kilusan. Kaya naman, isang pulang saludo at pinakamataas na parangal at pagpupugay rin ang iginagawad ng Kabataang Makabayan-Ilocos sa mga martir ng sambayanan at Ilocandia. Sa mga kabataang martir nito–kina Pamela “Ka Maymay” Peralta at Finela “Ka Riki” Mejia at sa iba pang mga rebolusyonaryo para sa kanilang makabuluhang buhay na inialay sa dakilang mithiin ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng Ilocandia at buong bansa.

Ang mga sakripisyo at serbisyo–mahaba, mahirap, at mabigat na inialay nila Ka Maymay, Ka Riki at iba pang rebolusyonaryo para sa masang magsasaka ng Ilocandia at sa buong sambayanang Pilipino, ay tiyak na magpapaalab pa sa damdamin ng maraming makabayang kabataan upang tahakin ang rebolusyonaryong landas ng paglaban at pagtatagumpay. Nangangako at magsusumikap ang KM-Ilocos na patuloy na magpupukaw, mag-oorganisa, at magpapakilos ng laksa-laksang kabataan sa rehiyon ng Ilocandia upang paglingkuran ang masang api at sumampa sa New People’s Army.

Pulang Saludo sa mga Martir ng Rebolusyon at Bayan! Agtutubo ti Amianan, Sumali sa Kabataang Makabayan! Agtutubo tumipon ti NPA! Isulong ang Digmang Bayan! Agbiag ti National Democratic Front of the Philippines! Agbiag ti Partido Komunista ng Pilipinas!

Masupog nga intel asset sang 62nd IB sa Moises Padilla, ginsilotan

Abril 26, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Tampad nga gina-angkon sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang madinalag-on nga pagpatuman sang silot-kamatayon kay Tongkai Golez sang Sityo Cuyawyaw, Barangay Inolingan, Moises Padilla, Negros Occidental alas 7:30 sang gab-i, Abril 24.

Si Golez ang ginpamabatbatan sang silot-kamatayon sadtong Oktubre 2023, matapos napamatud-an sang rebolusyonaryong korte sang pumuluyo nga masupog nga intel asset sang 62nd IB kag may utang nga dugo sa pumuluyo kag bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan sa Central Negros.

Si Tongkai ang masupog nga nagapaniktik sa hulag kag aktibidad sang NPA sa lugar kabaylo sang kwarta nga pabuya halin sa pasistang 62nd IB. Siya ang naggiya sa operasyon sang 62nd IB nga nagreyd sa yunit sang NPA sa Sityo Napiluan,

Barangay Quintin Remo, Moises Padilla sadtong Mayo 20, 2023 nga nagresulta sang kamatayon sang mga sibilyan nga sanday Juliven Ramirez kag Evelyn Meren (mag-asawa) kag Ruben Obidas sang nasambit nga lugar. Samtang patay man sadto sila Julwar “Ka Ryan” Loviano kag Alvin “Ka Dagger” Bayno, mga isganan nga Pulang hangaway sang banwa.

Ini ang kongkreto nga sabat sang CPP-NPA sa ginapangayo nga hustisya sang mga pamilya nga biktima sang pasismo kag terorismo sang estado batok sa pumuluyo kag bug-os nga rebolusyonaryong kahublagan. Magserbe man ini nga mabaskog nga paandam sa tanan nga may salabton kag may utang nga dugo sa pumuluyo kag rebolusyon.

Madumduman, sang nagligad nga Abril 11 ginpatuman man sang LPC-NPA ang pagsilot sang kamatayon kay Danny Boy Bartolome sang Sityo Paho, Barangay Camandag, La Castellana, Negros Occidental.

Ginamanduan ang tanan nga yunit sang LPC-NPA nga maglunsar sang lapnagon nga mga qtaktikal nga opensiba. Pabayaron ang napamatud-an na sang korte sang pumuluyo nga may mga salabton nga grupo, indibidwal labi na ang berdugong AFP-PNP kag iban pa nga mersenaryong makinaryas sang estado.

Bigas para sa mga magsasaka, hindi sa mga pasista!

Abril 26, 2024

Gannaban Baligod, Spokesperson Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid- Cagayan

Sa harap ng malawakang gutom at kalbaryo ng mga magsasaka at mamalakayang Cagayano sa gitna ng pananalasa ng El Niño, namahagi ang lokal na gubyerno ng Cagayan ng 120 kabang bigas sa mga tropa ng 17th Infantry Battalion. Katumbas ito 6,000 kilong bigas na kung ipinamahagi sana sa mga residente ng Dungeg o Aridowen sa Sta. Teresita na maikalang-ulit na binomba ng AFP, makakatanggap ang lahat ng residente (bata at matanda) ng Aridowen ng limang kilong bigas, o 10 kilong bigas naman sa lahat ng mga taga-Dungeg.

Harap-harapang na ngang tinatalikuran at pinababayaang ng gubyerno ang kapakanan at tungkulin nito sa mamamayan, tigas-mukha pa nitong ipinapangalandakan kung sino ba talaga ang prayoridad ng estado sa ganitong mga panahon. Matatandaang nitong Enero lang din ay nagbigay ang LGU-Cagayan ng halos 300 kabang bigas para sa 17th IB at 95th IB, maging noong huling kwarto ng taon, sa parehong mga panahon kung kailan lubog sa baha ang malawak na palayan at lugmok sa kahirapan ang mga Cagayano.

Habang pinapatay sa gutom at terorismo ang mga magsasaka sa kanayunan, tuluy-tuloy namang binubusog ng estado ang mga pasistang sundalo upang walang-humpay na maghasik ng takot at

karahasan. Ang mga myembro ng CAFGU na kinamumuhian ng masa dahil sa mga anti-sosyal na gawi tulad ng pagnanakaw at paglalasing, ang pangunahing makikinabang sa nasabing donasyon. Ani ng lokal na gubyrerno, bahagi raw ito ng mandatong wakasan ang insurhensiya sa lalawigan.

Gera kontra-insurhensiya sa gitna ng kalamidad

Sa tabing ng whole-of-nation approach, gera kontra-insurhensiya pa rin ang tugon ng rehimeng US-Marcos sa malawakang pagkasira ng kabuhayan at banta sa seguridad ng pagkain. Itinalaga nitong hepe ng Task Force El Niño si DND Sec. Gilbert Teodoro na wala namang kinalaman sa siyensya o agrikultura. Kaya sa halip na komprehensibo at makabuluhang plano ang ihapag sa pagharap sa kalamidad, walang-puknat na mga operasyong militar pa rin ang pangunahing pinagtutuunan ng pansin ng gubyrerno.

Doble-dagok sa mga Cagayano ang tuluy-tuloy na operasyon ng 5th Infantry Division. Sa kalagitnaan ng pananalasa ng El Niño, hindi pa rin lumalayas sa mga komunidad ang mga militar na naglulunsad ng RCSP. Bagkus, mas umigting pa ang mga operasyong kombat na hindi lamang simpleng abala sa kabuhayan ng mga magsasaka kundi banta sa araw-araw nilang pamumuhay. Ngayong sira ang mga pananim at tigang ang lupa, nasa kagubatan sila para maghanap ng ibang ikabubuhay upang itawid ang pangangailangan sa araw-araw. Dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa, bumabaling ang

mga kumakalam ang sikmura sa pagraratan, pagpapakat ng bitag, pag-uuling, pagkakaingin, at pagtotroso bilang alternatibong hanapbuhay. Nanganganib pa itong matigil dahil sa paghalihaw at paggalugad ng kasundaluhan sa mga kagubatan upang “tugisin ang natitirang mga NPA.”

Kriminal na kapabayaang sa gitna ng kalamidad

Walang silbi ang ipinagmamayabang na ₱30 bilyong pondo ng reaksyunaryong guberno para sa pagharap sa El Niño dahil limos lang kung tutuusin ang kakarampot na ayuda na dumarating sa mga apektado. Ito ay sa kabila ng kaliwa’t kanang ulat ng iba’t ibang ahensya tulad ng DA, DOLE, DSWD at BFAR nang pag-aabot umano nila ng pinansyal at materyal na suporta. Sa katunayan, ang kalakhan sa mga ipinapamahaging ayuda sa mga Cagayano ay ang bininbin nilang pondo para sa mga nasalanta ng bagyong Egay noong Hulyo 2023.

Napakalaking insulto rin sa mga magsasaka ang pinakahuling ulat ng DSWD noong Abril 20 na nagpapakita ng datos ng mga bayan sa prubinsya at sa buong rehiyon na isang napakalaking kalokohan. Halimbawa na lamang ang mga bayan ng Lallo kung saan tatlo katao lang daw ang apektado (isang pamilya) at anim katao (dalawang pamilya) naman sa bayan ng Baggao. Gayundin sa ibang mga prubinsya tulad ng Isabela, Nueva Vizcaya at Quirino na tinukoy ang ilang bayan na mayroon lamang 24-81 kataong apektado samantalang ang mga lugar na ito ang lubos na apektado na pangunahing nagtatanim ng mais at palay.

Liban sa hindi kapani-paniwalang mga numero, mas nakakagalit na ₱236.66 lamang ang inilalaang badyet ng DSWD para sa bawat indibidwal na apektado! Hirap na hirap na ngang pagkasyahin ng karaniwang manggagawa ang ₱430-450 baryang sahod kada araw, paano na lang ito na di hamak na malayong-malayo sa ₱1,084 family living wage sa rehiyon? Ang laang badyet na ito para sa bawat isang taga-CV ang bumuo sa halos ₱2 milyong kabuuang halagang inilagak ng ahensya sa rehiyon. Hindi malayong parehong halaga lang din ang badyet ng ibang mga ahensya.

Lubhang nahuhuli na rin ang assessment ng DA-Region 2 sa tinamong pinsala sa agrikultura kung saan nasa ₱560.9 milyon pa lamang ang opisyal na naiuulat nito mula Pebrero 7 hanggang Marso, samantalang patapos na ang Abril. Malayong-malayo ito sa aktwal na pinsala lalo na't ang Cagayan Valley ang pangunahing prodyuser ng mais at pumapangalawa naman sa produksyon ng palay sa buong Pilipinas.

Sa buong bansa, umabot na sa halos ₱4 bilyon ang halaga ng pinsala sa sektor ng agrikultura at apektado ang 73,713 magsasaka at mangingisda. Saklaw nito ang 66,065 ektaryang palayan, maisan, at high value crops (HVC) o pagkalugi ng 98,243 MT palay, 40,195 MT mais at 24,102 MT HVC.

Interes ng dayuhan sa gitna ng kalamidad

Sa kabila ng malawak na kagutuman at pamumulubi ng mga magsasaka at mangingisda,

paulit-ulit na litanya ng dating DA Secretary at kontra-magsasakang rehimen ang “Sapat ang suplay ng bigas. Hindi kailangang mag-alala ng tao. Sa mga erya na may patubig, tumataas ang ani.”

Habang nagtitiis ang mamamayan na maambunan ng limos mula sa gubyrno, bumabaha naman ang pondo para mapakain nang libre ang mahigit 6,500 dayuhang sundalong kalahok sa Balikatan. Habang binubusog ang mga tropa ng AFP, unti-unti namang pinapatay sa gutom ang mga magsasakang dinadahas. Habang kaliwa’t kanan ang mga sunog sa kabahayan at kabundukan, nagsusunog naman ng pera ang rehimen ng US-Marcos Jr sa pagbili ng bala, bomba, misayl, kanyon, jet fighter at iba pang kagamitang pandigma. Habang libu-libo ang pinapalayas sa mga tahanan at inaagawan ng lupa, itinatayo naman ang mga kampo at base militar ng US sa iba’t ibang dako ng bansa hanggang sa pinakadulong mga isla sa hilaga. Habang itinataboy ang mga mangingisda, inangkin naman ng pulu-pulutong na mga war ship ang malawak na karagatan. Mas malinaw pa sa sikat ng araw na interes ng dayuhan, at hindi kapakanan ng mamamayang Pilipino ang prayoridad ng rehimen ng US-Marcos Jr.

Ang masa at mga kasama sa gitna ng kalamidad

Habang abala ang rehimen at AFP sa pangangayupapa sa imperyalismong US, tuluy-tuloy namang nag-iipon ng lakas ang masa, kasama ang Bagong Hukbong Bayan. Kasing-init ng sikat ng araw ang pagtanggap ng mga masang

magsasaka sa BHB. Habang konstruksyon ng pantalan at warehouse ang inaatupag ng US-AFP, matiyaga namang inaayos at pinapaunlad ng mga kasama ang mga irigasyon at patubig, tumulong sa pagpapatanim ng mga alternatibong pananim, nagkakasa ng mga kampanyang masa, at tinutugunan ang mga pangangailangang medikal ng masa, sa abot ng makakaya.

Malayong-malayo ito sa ilusyon ng AFP na madudurog ang BHB sa susunod na mga buwan. Paano mangyayari iyon gayong mahigpit na magkaakbay ang masang magsasaka at mga kasama sa pagtalunton sa landas ng matagalang digmang bayan upang hawanin ang maliwanag, maaliwalas at Pulang bukas.###

Ipagtanggol ang kaligtasan ng Pilipinas laban sa tumitinding paghihimasok ng US at pang-uupat ng gera!

Abril 27, 2024

Christians for National Liberation (CNL) | Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) | Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) | Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) | Lupon ng Manananggol para sa Bayan (Lumaban) | Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) | Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP)

Nalalagay sa matinding panganib ngayon ang Pilipinas. Kakaladkarin ng US ang Pilipinas sa inter-imperyalistang gera nito laban sa China sa

layong panatilihin ang paghahari ng US sa rehiyon ng Asya.

Ang rehimeng US-Marcos ay walang kahihiyang nagpapakatuta at nagiging sunud-sunuran sa US kahit pa ipapahamak nito ang kaligtasan ng Pilipinas. Ipinagkakait ng imperyalismong US at tutang si Marcos Jr. ang dignidad, karapatan, at kalayaan ng mga Pilipino. Kaya tayo mismo, tayong mga mamamayan, ang dapat lumaban para kamtin ito! Wala nang iba pang maaaring asahan.

Habang suportado ng US ang gera ng Israel laban sa mga Palestine, at gera sa Ukraine laban sa Russia, nagbabalak itong magbukas ng panibagong larangan ng digmaan sa Asya. Ginagamit ng US ang usapin ng pang-aagaw ng imperyalistang China sa West Philippine Sea para sa paglalagay ng tropa at base militar ng US sa Pilipinas.

Naghihintay lang ang US ng pagkakataon na makipagsalpuhan sa China, hindi para ipagtanggol ang Pilipinas, pero para sa sariling interes na mamayaning nag-iisang superpower sa Asya-Pasipiko at sa buong mundo.

Sa tindi ng pang-uupat ng US maaring sumiklab ang inter-imperyalistang gera sa pagitan ng US at China. Kapag nangyari ito ay gagawing teatro ng gera ang Pilipinas.

Nasa interes ng imperyalismong US na wasakin ang mga rebolusyonaryo at anti-imperyalistang pwersa sa Pilipinas sa pangunguna ng Communist

Party of the Philippines, New People's Army at ng National Democratic Front of the Philippines.

Ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ay nagsusulong ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo.

Naninindigan ito na magiging ganap na malaya lamang ang Pilipinas kapag naibagsak ang imperyalismo at papet na estado at mabigyang kapangyarihan ang mamamayan.

Mula sa panahon ng Katipunan hanggang sa isilang ang NPA, nagpakita ang mga Pilipino ng kagitingan sa harap ng dayuhang agresyon. Kung walang sariling hukbo ang mamamayan, wala silang anupaman. Nakaamba ang panganib ng inter-impyeralistang gera at dapat na itong paghandaan.

ISULONG ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON! PALAWAKIN AT PALAPARIN AT PALALIMIN ANG KILUSANG LIHIM! SUMAPI AT PALAKASIN ANG NPA SA BUONG KAPULUAN!

Lies and fake news cannot hide the truth behind DSB affair

Abril 29, 2024

**Cecil Estrella, Spokesperson
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle
Command)**

Compelled by the unobtainable deadline set forth by the US-Marcos regime to destroy the

revolutionary movement within this year, #DiMasaligan79IB resorted to all kinds of dirty tricks to project an image of battlefield victories.

A glaring example is the recent incident in Sitio Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental involving the alleged arrest of two minors, portrayed in the media by #DiMasaligan79IB as “child warriors,” and the subsequent display of assorted firearms allegedly seized from the two.

The Alforque siblings (Adonis, 16 and Jonidel, 17) are not members of the NPA. They are civilians residing in the area victimized by the vicious campaign of the Armed Forces of the Philippines (AFP). All units of the Roselyn Jean Pelle Command of the New People’s Army Northern Negros Front (RJPC-NPA) strictly comply to the age requirement stipulated in the Basic Rules of the NPA and the memorandum of the Executive Committee of the Party’s Central Committee mandating 18 years old as the minimum age of all Red fighters.

The claim of #DiMasaligan79IB that the Alforques were apprehended in an NPA encampment is total garbage. Should that be the case, a firefight would be inevitable. It makes no sense and defies logic that supposed Red fighters simply withdrew and left all their firearms to the Alforques. Thus, the firearms attributed to them are clearly planted, manufactured or planted.

Besides, the terrain and physical location of the said area is not favorable to set up such an

encampment. No unit of the RJPC-NPA is operating in the area.

Unable to sustain such blatant lies to the critical public, even # DiMasaligan79IB commander LTC. Arnel Caloagan backtracked from the official narrative of the incident. In a radio interview, he floated the idea of the presence of a new armed group in DSB.###

US, Hands Off the Philippines!

Abril 29, 2024

International Office National Democratic Front of the Philippines

The US-led Balikatan war exercises present a clear and impending threat to the lives of the Filipino people as Marcos Jr. willingly surrenders the country to become a staging point for US military aggression against China. Under the guise of “routine military operations,” these war games form part of a broader strategy of US imperialist warmongering and reckless brinkmanship tactics.

The US government’s aggressive posturing in the region is guided by its first island chain strategy aimed at encircling China by establishing a US-controlled ‘defense’ perimeter stretching from the Kuril Islands, Japan, Ryukyu Islands, Taiwan, Northern Philippines, and to Borneo. In the current context of brewing inter-imperialist conflict, the island chain strategy seeks to constrain China’s maritime expansion and limit its

influence in the Asia-Pacific region. By fortifying key islands and maritime chokepoints, the US aims to create a buffer zone that would not only impede China's access to strategic waters, but also set the ground for the US to constantly "test the waters" and provoke China into firing the first shot.

Should China fire the first shot, the US plans to invoke the Mutual Defense Treaty (MDT) it has with the Philippines to further justify escalated US military actions in the region.

The Balikatan exercises this year, the biggest in history with more than 11,000 US troops participating, serve as a visible display of military force intended to send a clear message to China - that the US is ready for war. These exercises seek to project the combined military strength of the US and its participating allies France and Australia.

The Balikatan exercises have also been expanded and intensified in response to perceived Chinese aggression in the South China Sea, serving as pretext for the US to continue pushing the boundaries by stationing warships closer and closer to China's doorsteps. The so-called "supply missions" of the Armed Forces of the Philippines (AFP) to the 'stranded' BRP Sierra Madre in Ayungin Shoal represent a calculated move by the US to justify continued war provocations. On the other hand, Marcos Jr. effectively abdicates Philippine sovereignty in exchange of imperialist favor by allowing troops to be stationed closer to

Chinese territory, further cementing its status as a puppet regime.

The repeated visits of US security officials, including the likes of US State Secretary Anthony Blinken to the Philippines last March serve to ensure continued subservience from the Marcos Jr. government and the AFP. In the same breath, the recently concluded trilateral summit between the US, Japan and the Philippines revealed Biden's true militarist intention to rally its allies and puppet regimes in the region to march in lockstep with US war designs in Asia. Talks are already underway for another 'visiting forces agreement' between the Philippines and Japan. On top of the Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) which creates legal pretext for US military bases in the Philippines, allowing Japanese forces to set foot on Philippine soil will add more US-allied troops to maintain their presence in service of US war preparations.

In addition, the introduction of the new Philippine Enhanced Resilience Act (PERA Act) in the US Senate seeks to smoothen politico-economic restructuring needed to allow continued US military presence in the Philippines. Through the proposed provision of \$2.5 billion in foreign military funding to the Philippines, the bill ensures continued alignment of the AFP with US foreign policy objectives while allowing access to strategic resources in the Philippine archipelago.

Upon US imperialist prodding, the Marcos Jr. regime further stokes the flames of inter-imperialist war by capitalizing on the Filipino

public's anger towards China to justify continued provocations. By overemphasizing China's "grey tactics" in the contested waters of the South China Sea, the US seeks to manufacture consent for its warmongering agenda, all at the expense of the lives of the Filipino masses which will be the first threatened should an all-out war break out between US and China.

It is abundantly clear that the US intends to use Marcos and the AFP as proxies to intensify confrontations and instigate Chinese armed reaction. The AFP's new deadline to defeat the New People's Army (which they now failed to meet yet again) serves the US agenda of pivoting the reactionary armed forces to 'territorial defense'.

US military interventions in the Philippines is bound to intensify fueled by Biden's failures in its NATO-assisted war against Russia and its continued support for Zionist Israel's genocidal crusade in Palestine. Biden's desperate bid for reelection on November this year provides further motivation for the US to spark a new warfront in Asia by way of instigating conflict with China and portraying Biden as the 'defender of small nations.' To this effect, the US propaganda machine is working doubly to portray Marcos Jr. as the 'new Zelensky' which seeks to obscure and distort the reality of US imperialist aggression and warmongering.

In the face of the growing threat of US military intervention in the Philippines and war provocations against China, the National

Democratic Front of the Philippines International Office (NDFP IO) joins all national democratic organizations, anti-war groups and peace-loving peoples in resisting and condemning these actions unequivocally.

US Hands Off the Philippines! Resist US military intervention in the Philippines! Reject US war provocations against China! Condemn Marcos Jr.'s attempts to drag the Philippines at the center of imperialist war! Marcos/AFP, US imperialist puppets! Not in our seas! Not in our name! Junk EDCA! Junk VFA! Junk MDT! Stop the bombings in the Philippines! Advance the people's war for national liberation and democracy!

Masupog nga AFP Asset sa Binalbagan, Ginsilotan sang LPC-NPA

Abril 30, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Sa pihak sang lapnagon nga operasyon militar sa Central Negros, madinalag-on nga ginpatuman sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang silot-kamatayon kay Ritoy Pedro sa Sityo Kamanggahan, Barangay Amontay, Binalbagan, Negros Occidental, Abril 28, alas 10:40 sang gab-i.

Si Pedro ang masupog nga nagapaniktik sa mga aktibidad sang rebolusyonaryong kahublagaan sa lugar. Masami nga naggiya sa mga operasyon

sang Philippine National Police (PNP) kag Armed Forces of the Philippines (AFP) ilabi na sang kumbinado nga pwersa sang 94th kag 62nd IB sa mga boundary sang Isabel, Binalbagan sa Negros Occidental, kag Jimalalud kag La Libertad sa Negros Oriental.

Sa kongkreto, si Ritoy Pedro ang napamatud-an nga naggiya sa operasyon sang 62nd kag 94th IB nga tuyo mag-reyd sa yunit sang NPA sa Barangay Amontay, Binalbagan, sadtong Pebrero 12, 2023. Siya man ang nangunang naggiya sa paglusob sa mga puluy-an sang mga mangunguma sa Sityo Nabirasan, sa amo gihapon nga barangay ilabi na sa puluy-an sang pamilya Lindayao. Wala kaluoy nga ginkastigo kag ginpahug nga patyon sang pasistang tropa si Jelman Lindayao sadtong Pebrero 14, 2023. Si Jelman ang gintandi-an sang sanggot sa liog atubang sang iya asawa kag mga kabataan samtang gina-interogar.

Sa ginsiling na, ang asud-asod nga mga aksyon militar sang LPC-NPA ang magserbe nga mabaskog nga paandam sa mga may mabug-at nga salabton sa pumuluyo kag rebolusyon. Bisan pa man, sa gihapon bukas sa tanan nga oras ang malapit nga talatapan sang CPP-NPA sa pag-atubang sa inyo para sa inyo nga pagbag-o matapos ang tampad nga pagsumiter sang inyo kaugalingon sa rebolusyonaryong korte sang pumuluyo agud sabton kag atubangon ang inyo kaso nga nakomiter.###

SIPS status for NegOr spells more hunger and injustice

Abril 30, 2024

Estrella Banagbanag, Spokesperson NPA-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command)

The Rachelle Mae Palang Command of the New People's Army Southeast Negros Front (RMPC-NPA) called the resolution of the Provincial Peace and Order Council (PPOC) to grant Negros Oriental the status of Stable Internal Peace and Security (SIPS) only a confirmation of the intent of the reactionary government to further exploit the masses in the province.

RMPC-NPA spokesperson Estrella Banagbanag in a statement on Tuesday said that the recommendation of 302nd Brigade commander BGen. Joey Escanillas was based on "nothing but deceit, as the guerrilla fronts in the province remain intact and functional so long as fascists like him exist, and the roots of the basic problems of the people are unresolved."

Provinces declared in a state of SIPS is considered by the reactionary government as "cleared, unaffected by communist insurgents and relatively peaceful."

"In reality, this hasty declaration is an admission of the reactionary government of its selfish interests. The PPOC is the rubber stamp to allow the influx of foreign mining, ecotourism and other

businesses in the area like in Tamlang Valley, which also goes without saying that these kinds of projects will be ridden with bureaucratic corruption,” Banagbanag said.

The Tamlang Valley Sustainable Agriculture for Growth and Resiliency Project (TVAGRP) is a 1.4 billion peso project that targets the hinterlands boundaries of Santa Catalina, Sibulan, Valencia, and Siaton, which according to Banagbanag, “inevitably means aggressive land-grabbing and perpetration of human rights violations targeting peasant and indigenous communities.”

Banagbanag said that mining explorations have already started in Santa Catalina and Siaton, much to the disdain of the population as it affects their livelihood and agricultural products such as corn, coconut, and bananas.

“Along with the El Niño phenomenon, this only spells more hunger and injustice, contrary to the claims of progress promised by the reactionary government,” she stressed.

“Thus, we call on Negrosanons to continue the fight against this neoliberal offensive backed by relentless militarization. There can be no genuine peace while exploitation and oppression continue to affect the majority of the population, and only just armed struggle can bring about meaningful societal change in this rotten semi-colonial and semi-feudal ruling system,” Banagbanag ended.